

# Mga Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu



Ruhi Institute





Aklat 1

# Mga Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu

Ruhi Institute

Mga Aklat sa Serye:

Nasa ibaba ang kasalukuyang mga pamagat sa seryeng binuo ng Ruhi Institute. Nilalayong gamitin ang mga aklat bilang pangunahing serye ng mga kurso sa isang masistemang pagsisikap na pahusayin ang kakayahan ng mga kabataan at ng mga nasa hustong gulang upang mapaglingkuran ang kanilang mga pamayanan. Ang Ruhi Institute ay bumubuo rin ng isang pangkat ng mga kursong sumasanga mula sa pangatlong aklat sa serye para sa pagsasanay ng mga guro ng mga Bahá'í children's class, at gayundin ng isa pang pangkat mula sa Aklat 5 upang magbangon ng mga animator para sa mga grupo ng mga junior youth. Ang mga ito ay nakasulat din sa talaan sa ibaba. Dapat malaman na maaaring magbago ang talaan habang sumusulong ang karanasan sa larangan ng paggawa, at ang karagdagang mga pamagat ay idaragdag kapag ang ilang mga elemento ng kurikulum ay umabot na sa yugtong maaari na itong ipamahagi nang malawakan.

| | |
|---|---|
| Aklat 1 | *Mga Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu* |
| Aklat 2 | *Bumangon upang Maglingkod* |
| Aklat 3 | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 1* |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 2* (kursong sumasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 3* (kursong sumasanga) |
| | *Pagtuturo ng mga Klase para sa mga Bata, Grade 4* (kursong sumasanga) |
| Aklat 4 | *Ang Kambal na mga Kahayagan* |
| Aklat 5 | *Pagpapalaya sa mga Kakayahan ng Junior Youth* |
| | *Panimulang Pintig: Ang unang kursong sumasanga sa Aklat 5* |
| | *Ang pangalawang kursong sumasanga sa Aklat 5* |
| Aklat 6 | *Pagtuturo ng Kapakanan* |
| Aklat 7 | *Magkakasamang Tinatahak ang Landas ng Paglilingkod* |
| Aklat 8 | *Ang Kasunduan ni Bahá'u'lláh* |
| Aklat 9 | *Pagtatamo ng Tanawing Makasaysayan* |
| Aklat 10 | *Pagtatatag ng Masiglang mga Pamayanan* |
| Aklat 11 | *Mga Kaparaanang Materyal* |
| Aklat 12 | (paparating pa lamang) |
| Aklat 13 | *Pakikilahok sa Pagkilos Panlipunan* |
| Aklat 14 | (paparating pa lamang) |

Copyright © 2007 by the Ruhi Foundation, Colombia
All rights reserved. Edition 4.1.1.PE published in August 2020
Printed in Philippines

Originally published in Spanish as *Reflexiones sobre la vida del espíritu*
Copyright © 1987, 1995, 2008, 2020 by the Ruhi Foundation, Colombia
ISBN 978-958-59880-3-3

Permission for a limited printing of this book in Filipino has been granted to Bahá'í Publishing Trust of the Philippines by the Ruhi Institute.

Ruhi Institute
Cali, Colombia
Email: instituto@ruhi.org
Website: www.ruhi.org

Bahá'í Publishing Trust of the Philippines
25 Sangley St., Greenheights Village
Brgy. San Isidro, Parañaque City, Philippines.
+63 7914 0030
nsa@bahai.org.ph
www.bahai.org.ph

# Nilalaman

Ilang mga Kaisipan para sa Tutor .............. v

Pag-unawa sa mga Kasulatang Bahá'í ....... 1

Dasal ......................................................... 15

Buhay at Kamatayan ................................ 31

# Ilang mga Kaisipan para sa Tutor

Ang bilang ng mga lokalidad sa buong daigdig kung saan pinag-aaralan ang Pagninilay-nilay sa Buhay ng Espiritu, na unang aklat sa pangunahing serye ng mga kursong inihahandog ng Ruhi Institute, ay tumataas sa loob ng maraming taon. Sa malaking bahagi ng ganitong mga sitwasyon, ang aralin ay binabasa at tinatalakay ng isang grupo ng mga magkakaibigan, na maaaring bumubuo ng isang study circle na regular na nagtitipon, na maaaring nagsasama-sama sa isang kampanyang isinaayos para sa masikhay na pag-aaral, o maaaring nagtipon sa isang camp sa panahon ng bakasyon sa paaralan. Maging anupaman ang sitwasyon, ang isang miyembro ng grupo ay gumaganap bilang tutor. Ang ugnayan sa pagitan ng tutor at ng ibang mga kalahok ay hindi yaong guro sa mag-aaral; ang lahat ay buong-kamalayang nakikilahok sa isang proseso kung saan sinisikap matuto ng bawat isa. Subalit ang tutor ay hindi rin isang nakawalay at walang-kibong nagpapadaloy sa talakayan. Yamang nakatapos na ng sapat na bilang ng mga kurso sa serye at isinagawa na ang mga gawain ng paglilingkod na iminumungkahi ng mga ito, nagagawa na niyang tulungan ang bawat miyembro ng grupo sa pagtutupad sa layunin ng pinag-aaralang mga aralin. Maaaring makatulong sa mga naglilingkod bilang tutor ng Aklat 1 ang tuwi-tuwinang pagbabalik-aral sa mga ideyang inihahain sa pambungad na ito.

Ang mga kalahok sa buong daigdig ay pumapasok sa unang kursong ito ng institute mula sa magkakaibang mga pinanggalingan. Ang mga iba ay mga miyembro na ng pamayanang Bahá'í na umaasang mapapahusay pa nila ang kanilang kakayahang paglingkuran ang Kapakanang pinasok nila. Nakikita naman ng mga iba ang kurso bilang simula ng kanilang pagsasaliksik sa Pananampalatayang Bahá'í bilang isang relihiyon. Ang mga iba pa ay naaakit sa mga huwarang Bahá'í at nais nilang malaman ang mga layunin at mga gawain ng pamayanan. At mayroong lumalaking bilang ng karaniwang mga kabataan na, sa hangaring palawakin pa ang kanilang kakayahang maglingkod sa lipunan, madalas sa pamamagitan ng isa o iba pang programang itinataguyod ng pamayanang Bahá'í, ay pinag-aaralan ang kurso bilang unang hakbang.

Mula sa simula, dapat maging malinaw sa bawat kalahok na binubuksan ng mga kurso ng Ruhi Institute ang isang landas ng paglilingkod sa sangkatauhan, na tinatahak ng bawat isa sa atin sa sarili nating tulin, tumutulong at tinutulungan ng mga iba. Ipinahihiwatig ng paglakad sa landas na ito ang pagsusumikap makamtan ang dalawang layuning moral: ang asikasuhin ang sariling pag-unlad sa espiritwal at pangkaisipan at ang tumulong sa pagbabago ng lipunan. Hinihingi ng pagsulong sa landas ang pag-unlad ng isang bilang ng mga kakayahang nangangailangan ng pag-unawa at kaalaman, ng mga katangiang espiritwal at ng kapuri-puring mga saloobin, at gayundin ng napakaraming mga kakayahan at mga kahusayan. Ang mga bukal ng kaalaman na pinaghahanguan ng mga aklat ng Institute, sa isang dako, ay ang mga katuruan ng Pananampalatayang Bahá'í, at sa kabilang dako, ang natitipong karanasan ng pandaigdigang pamayanang Bahá'í sa pagsusulong ng kabihasnang materyal at espiritwal. Ang nagbibigay ng inspirasyon sa Institute ay ang larawang-isip ni Bahá'u'lláh ukol sa indibidwal na maaari tayong maging at sa kabihasnang maaari nating itatag. Ipinagpapalagay na ang lahat ng mga kalahok, maging anupaman ang kanilang

pinanggalingan, ay bukal sa kalooban ang pagtanggap sa larawang-isip na ito, na iyon ay malinaw sa bawat yunit ng bawat aklat.

Sa isang daigdig kung saan ang mga paniniwala at mga ideyolohiya ay handang gumamit ng anumang paraang maaari upang makakuha ng mga tagasunod, ang isang taong hindi pa kilala ang Pananampalataya ay maaaring magkaroon ng tapat na mga tanong tungkol sa mga layunin ng Ruhi Institute, lalong-lalo na ang, "Hinihingi ba sa akin na magbago ako ng relihiyon?" o "Hinihingi ba sa akin ang sumapi sa relihiyon?" Ang gayong mga katanungan ay nagbibigay ng pagkakataon sa tutor na ipaliwanag ang layunin ng serye ng mga kurso sang-ayon sa binalangkas sa itaas. Bagaman natural lamang para sa mga Bahá'í na maging sabik na makitang sumali ang kanilang mga kaibigan sa pamayanan, pinagbabawalan sila ng sarili nilang mga katuruan, ang maaaring idagdag ng tutor, mula sa pamimilit o pagsuhol upang magbago ng relihiyon. Ang pagtahak sa landas ng paglilingkod na binubuksan ng mga kurso ng Institute ay nangangailangan ng patuloy na lumalalim na pag-unawa sa mga turo ni Bahá'u'lláh, na sinisikap ilahad nang malinaw ng mga aralin; ang pagtanggap at ang pananalig ay mga bagay na dapat nilay-nilayin ng bawat indibidwal nang malaya at walang pamimilit.

Hindi nakapagtataka, kung gayon, na itong paksa ng pag-unawa, na napakahalaga para sa lahat ng mga aklat sa serye, ay ang sinisimulan dito sa una. Ang bumasa mula sa Banal na mga Kasulatan ay hindi katulad ng pagbasa sa libo-libong mga pahina na nakikita ng isang tao sa kahabaan ng kaniyang buhay, at sinisikap ng yunit na "Pag-unawa sa mga Kasulatang Bahá'í," na pagyamanin ang kaugalian ng pagbasa ng mga sipi mula sa Banal na Teksto sa araw-araw at ng pagninilay-nilay sa kahulugan nito, isang kaugaliang makatutulong nang malaki sa mga kalahok sa pagtahak nila sa landas ng paglilingkod. Sa paggabay sa kanila sa pag-aaral ng yunit na ito, kailangang pag-isipan nang maigi ng tutor ang paksa ng pag-unawa.

Ang mga Kasulatang Bahá'í ay nagtataglay ng napakalalim na mga katotohanang espiritwal, at habang nagsusumikap tayong sumulong sa pag-unawa sa walang-katapusang mga kahulugan nito, alam natin na kailanman ay hindi tayo aabot sa tiyak na wakas nito. Sa kadalasan ay nagtatamo tayo ng pangunahing pag-unawa sa kagyat na kahulugan ng isang sipi sa pagbasa nito sa unang pagkakaton, at ginagamit ito bilang simula ng Bahagi 1 ng yunit. Sa gayon, pagkatapos basahin ang siping "Ang pagpapabuti ng daigdig ay maaaring maisakatuparan sa pamamagitan ng dalisay at mabuting mga gawain, sa pamamagitan ng kapuri-puri at karapat-dapat na pag-uugali," ang mga kalahok ay tinatanong lamang ng "Paano maisasakatuparan ang pagpapabuti ng daigdig?" Sa isang sulyap, ang karamihan ng mga katanungan at mga pagsasanay na ganito ang uri ay mukhang labis na madali. Subalit ang maraming taon ng karanasan ay waring nagbibigay-katwiran sa pasiya ng Institute na magsimula sa ganitong paraan. Tayong lahat ay nangangailangan ng paalaala, sa pagmamadaling matagpuan ang iba't ibang mga katotohanan sa isang sipi, na hindi dapat laktawan ng isipan ang lantad na kahulugan nito. Ang pagbibigay-pansin dito sa unang antas ng pag-unawa ay napatunayan ding napakahalaga sa pagsasanggunian ng grupo; pinalalakas nito ang kaisahan ng kaisipan, na madaling natatamo kapag ang personal na mga kuro-kuro ay tinutulutang matanglawan ng Banal na dunong.

Mahalagang banggitin dito na ang pag-unawa sa kagyat na kahulugan ng karamihan ng mga sipi ay hindi nakikinabang mula sa mahabang talakayan ng isa-isang salita na wala sa konteksto. Yamang nabanggit na iyan, maaaring kakailanganin, sa tuwi-tuwina, na hanapin ng grupo ang kahulugan ng isang salita sa diksiyonaryo. Ang maaaring maging higit na kapaki-

pakinabang, gayumpaman, ay ang matutunan ng mga kalahok kung paano mahinuha ang kahulugan ng mga salita mula sa buong mga pangungusap at mga parapo.

Upang lumawak ang pag-unawa nang lampas pa sa larangan ng kagyat na kahulugan, ang mga halimbawang nagpapakita kung paano nagkakaroon ng kongkretong kahayagan ang mga ideya o panukala ay maaaring makatulong. Sa Bahagi 2, bilang halimbawa, hinihiling sa mga kalahok, kaugnay ng isang sipi na kababasa pa lamang nila, kung ang tanging mga katangian ay kapuri-puri. Sa isang kahalintulad na pagsasanay sa Bahagi 4, hinihimok silang bumanggit ng limang katangian at pagkatapos ay magpasiya kung posible bang makamtan ang alinman sa mga ito kapag walang pagkamakatotohanan—na inilalarawan sa mga Kasulatan bilang "batayan ng lahat ng mga katangiang pantao".

Upang makamtan ang layuning ito, hinihingi ng yunit ang karagdagang pagsulong ng pag-unawa sa pamamagitan ng paghamon sa mga kalahok na pag-isipan ang mga ipinahihiwatig ng mga siping iniharap. Sa Bahagi 2, kailangan nilang ipasiya kung totoo ang pangungusap na "Kaunting-kaunti lamang ang mabubuting mga tao sa daigdig kaya walang bisa ang kanilang mga kilos." Dito ay hindi hinihingi ang pawang kuro-kuro lamang. Kailangang huminto ang tutor at tanungin ang dahilan sa mga sagot ng mga kalahok. Ang pag-unawang dapat matamo ng grupo ay hindi totoo ang pangungusap dahil salungat ito sa unang sipi. Ang katanungan kung ang mga Bahá'í ay maaari bang mangumpisal ng kanilang mga kasalanan sa iba ay isa ring halimbawa ng ganitong uri ng pagsasanay. Tinutukoy nito ang ipinagbabawal sa mga katuruan na pangungumpisal ng mga kasalanan bilang paraan upang maabsuwelto sa kasalanan, na bagaman hindi tahasang binanggit sa alinmang mga siping pinag-aralan, ay mahihinuha sa pagsasaliksi sa kahulugan ng bersikulong "Ihanda ang iyong sarili na magbigay-sulit sa bawat araw bago ka pa tawagin sa isang pagtutuos."

Sa anumang paraan ay hindi sinisikap ng mga pagsasanay sa yunit na maisali ang buong saklaw ng mga kahulugang nakapaloob sa mga siping pinag-aaralan. Ang isang katanungang kailangang pag-isipan ng bawat tutor ay kung gaano kahabang talakayan ang dapat maganap sa bawat pagsasanay. Dito ay kailangang isaisip na ang pagpapahaba sa talakayan sa pamamagitan ng pagbabanggit ng maraming konseptong hindi naman pangunahin ang ugnayan sa paksa ay karaniwang nagbubunga ng paghina sa bisa ng aralin. Kailangang magkaroon ang bawat grupo ng makatwirang ritmo ng pagsulong; dapat madama ng mga kalahok ang malinaw na kamalayang patuloy silang sumusulong sang-ayon sa sarili nilang mga pagkakataon. Gayumpaman, ang tutor ay dapat mag-ingat na ang mga bahagi ay hindi dinadaanan nang mabilisan at pahapyaw nang walang mapagliming pagsusuri sa mga pagsasanay; ang mga grupong nagpatuloy sa ganitong paraan, na pinupunuan lamang ang mga sagot, ay hindi kailanman nagtamo ng namamalaging mga resulta.

Ang isang huling punto ay kailangang banggitin: Tungkulin ng tutor na tiyaking ang bawat miyembro ng grupo ay patuloy na nakikibahagi sa proseso ng pagsisikap matuto na itinataguyod ng aralin. Ang madalas na hamon ay kung paano hihikayating makilahok nang hindi pinipilit magsalita ang sinumang tao. Ang kailangang maunawaan mula sa simula ay hindi natutugunan ang hamong ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga tanong tulad ng "Ano ang ibig sabihin nito para sa iyo?" Ibinababa ng ganitong uri ng mga katanungan ang kaalaman at katotohanan sa antas ng kuro-kuro. At sa gayon nagiging mahirap lumikha ng namamayaning diwa kung saan ang pagsasanggunian sa mga miyembro ng grupo ay talagang nagbubunga ng higit na pag-unawa.

Ang pangalawang yunit ng aklat, tulad rin ng una, ay tungkol sa isang kaugaliang napakahalaga sa espiritwal na buhay: ang regular na pagdarasal. Nililinaw nito sa unang bahagi ang konsepto ng “landas ng paglilingkod,” at iminumungkahing, upang tahakin ang landas na ito, kailangang taglay natin ang dalawang layuning moral. Sinusuri ng mga kalahok ang unang pangkat ng mga siping naghahain ng malalim na pag-unawa sa likas na katangian ng layuning ito, na isang temang lilinawin pa sa kasunod na mga kurso.

Sa konteksto ng temang ito isinasagawa ng yunit ang pagsasaliksik nito ng kahalagahan ng dasal. Gumagamit ito ng paraang kahalintulad doon sa inilarawan sa naunang mga parapo. Ang mga tanong at mga pagsasanay ay binuo upang isulong ang pag-unawa sa kahulugan ng mga sipi mula sa mga Kasulatang pinag-aaralan. Habang nagpapatuloy ang grupo sa yunit, maaaring kailangang pawiin ng tutor ang mga pag-aagam-agam sa pamamagitan ng pagsuri sa mga kuro-kurong nakaugat sa mga pagpapakahulugan at mga kinagawian ng nakaraan. Sa ilang mga kaugalian, ang ritwal at anyo ay unti-unti nang lumilim sa kahalagahan ng kalagayang panloob, at sa gayon ipinagwawalang-bahala ng napakarami ang pangangailangan sa dasal, na para sa kaluluwa ng tao ay kasinghalaga ng pagkain para sa katawan.

Higit sa lahat, kung gayon, sinisikap gisingin ng yunit sa mga kalahok ang hangaring “makipag-usap sa Diyos” at ang lumapit sa Kaniya. Kabilang sa mga ideyang tinatalakay ay kung ano ang kahulugan ng pagpasok sa kalagayan ng pagdarasal, ang saloobin ng ating mga puso at mga isipan kapag ginagawa natin ito, at ang mga kalagayang dapat likhain sa ating mga kapaligiran, maging nag-iisa man tayo o nasa pagtitipon. Sa katunayan, pagkatapos pag-isipan nang bahagya ang mga puwersang nalilikha sa pamamagitan ng sama-samang pagsamba, hinihiling sa mga kalahok na pag-isipan ang magsaayos ng pagtitipon para sa pananalangin at pagsamba.

Ang inaasahan sa pag-aaral ng pangatlong yunit ng aklat, ang “Buhay at Kamatayan,” ay magpapalakas ito sa pagtatalagang tahakin ang landas ng paglilingkod at pagkakalooban ito ng higit na kabuluhan. Ang paglilingkod sa daigdig na ito ay pinakamahusay na nauunawaan sa lubos na ganap na konteksto ng buhay, na lumalampas pa sa ating makalupang buhay at nagpapatuloy magpakailanman habang ang ating mga kaluluwa ay sumusulong sa mga daigdig ng Diyos. Sa proseso ng edukasyon, na kaiba sa pagsasanay na teknikal, patuloy na lumalawak ang kamalayan ng mga kalahok sa kabuluhan at kahalagahan ng kanilang ginagawa. Ipinakikita ng karanasan na, sa pagyabong lamang ng ganoong kamalayan, doon lamang nila makikita ang kanilang mga sarili bilang aktibo at responsableng “mga nagmamay-ari” ng sarili nilang pagkatuto.

Ang bawat bahagi ng yunit ay nagsisimula sa isa hanggang tatlong sipi mula sa mga Kasulatang Bahá’í, at sinusundan ng ilang pagsasanay. Ang lengguwahe ng mga sipi sa yunit na ito ay higit na mapanghamon kaysa sa naunang dalawang yunit. Mangyari pa, hindi naman kailangang magtagal ang grupo sa mahihirap na mga salita; nanaisin ng tutor na tiyaking nauunawaan ng lahat ang pangunahing ideyang tinatalakay sa bawat bahagi, na iyon din naman ang sinisikap gawin ng mga pagsasanay.

Dahil sa likas na katangian ng paksa, ang mga pagsasanay na mayroong kongkretong mga halimbawa ay madalang lamang. Ang karamihan ay umiinog sa antas ng konsepto. Ang dapat tandaan ay ang ilan sa mga tanong na inihaharap ng mga pagsasanay ay hindi masasagot nang mabilisan o sa isang malinaw na paraan. Ang mga ito ay itinatanong upang

maitaas ang kamalayan ukol sa paksa; kapag pag-iisipan lamang ng mga kalahok ang gayong mga katanungan, ang layunin ng pagsisikap matuto ay natupad na.

Ang unang ilang mga bahagi ay nakatuon sa ugnayan sa pagitan ng kaluluwa at ng katawan, na habang magkasama, ang siyang bumubuo ng tao sa larangang ito ng pagkabuhay. Ang pangunahing ideyang inihaharap sa mga bahaging ito ay ang kaluluwa ay hindi isang pisikal na bagay; ang ugnayan nito sa katawan ay maihahalintulad sa liwanag na lumilitaw sa salamin. Kapuwa ang alabok sa ibabaw nito at ang pagkawasak ng salamin sa kalaunan ay hindi magkakaroon ng epekto sa kaningningan ng mismong liwanag. Ang kamatayan ay pagbabago lamang ng kalagayan, kung kailan ang ugnayan sa pagitan ng katawan at ng kaluluwa ay napuputol: pagkatapos nito, ang kaluluwa ay sumusulong magpakailanman patungo sa kaniyang Maykapal.

Ang yunit ay dumadako nang kasunod sa paksa ng layunin ng buhay—na kilalanin ang Diyos at makarating sa Kaniyang kinaroroonan. Ang talakayan dito ay umiinog sa dalawang masaklaw na tema. Ang una ay ang layunin ng ating mga buhay sa daigdig na ito, at ang pangalawa ay ang paglalakbay ng kaluluwa pagkatapos ng kamatayan. Ang kaluluwa ay isang palatandaan ng Diyos at maaari nitong isalamin ang lahat ng Kaniyang mga pangalan at mga katangian. Subalit ang natatagong kakayahan sa loob ng tao ay tulog; maaari lamang itong gumising at yumabong sa tulong ng mga Kahayagan ng Diyos, yaong banal na mga Nilalang na dumarating sa pana-panahon upang patnubayan ang sangkatauhan. Sa pamamagitan ng edukasyong espiritwal na ipinagkakaloob Nila, ang mga yamang natatago sa loob natin ay maaaring lumabas.

Kaugnay naman ng paglalakbay ng kaluluwa pagkatapos ng kamatayan, ang isang serye ng mga ideya ay inilalahad upang nilay-nilayin ng mga kalahok: na yaong mga matatapat sa Diyos ay makatatamo ng tunay na kaligayahan; na walang sinuman sa atin ang makaaalam kailanman sa sarili nating wakas, at samakatwid ay dapat nating patawarin ang isa't isa at huwag akalaing nakahihigit tayo sa iba; na sa kabilang daigdig, tulad rin dito, ang kaluluwa ay patuloy na susulong at ang mga kakayahang espiritwal na pinaunlad natin dito ay makatutulong sa atin doon; na makikilala natin ang ating mga minamahal sa kabilang mga daigdig, maaalaala ang ating mga buhay sa daigdig na ito, at matatamasa ang magandang samahan sa banal at sagradong mga kaluluwa.

Ang yunit ay nagwawakas sa isang sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh kung saan ay tinitiyak sa atin ang mga kapakinabangan ng susunod na daigdig at hinihimok tayong huwag tulutang malumbay sa mga pagbabago at mga pagkakataon ng buhay na ito. Hinihiling, sa gayon, na magnilay-nilay ang mga ipinahihiwatig ng kanilang napag-aralan para sa sarili nilang mga buhay.



# Pag-unawa sa mga Kasulatang Bahá’í

## Layunin

Upang palakasin ang kaugaliang magbasa araw-araw ng mga sipi mula sa mga Santong Kasulatan at magnilay-nilay sa kahulugan ng mga ito.

## BAHAGI 1

Ang layunin ng yunit na ito ay upang tulungan kayo sa pagpapaunlad at pagpapalakas sa kaugaliang pagbabasa araw-araw ng mga sipi mula sa mga Santong Kasulatan at sa pagninilay-nilay sa kahulugan nito. Ang yunit ay nagsisimula sa isang simpleng pagsasanay na hinihiling sa inyo na basahin ang pahayag mula sa mga Kasulatan na binubuo ng isang pangungusap lamang at tumugon sa isang tanong, na ang sagot ay ang pahayag mismo. Bagaman madaling isagawa, ang pagsasanay ay tutulong sa inyo upang nilay-nilayin ang kahulugan ng mga pahayag na iniharap at upang isaulo ang mga ito.

**"Ang pagpapabuti ng daigdig ay maaaring maisakatuparan sa pamamagitan ng dalisay at mabubuting mga gawain, sa pamamagitan ng kapuri-puri at karapat-dapat na pag-uugali."[1]**

1. Paano maisasakatuparan ang pagpapabuti ng daigdig? ________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**"Mag-ingat, O mga tao ng Bahá, na baka kayo'y lumakad sa mga pamamaraan noong mga salita ay kaiba sa kanilang mga ginagawa."[2]**

2. Sa kaninong mga pamamaraan ba tayo hindi dapat lumakad?___________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**"O Anak ng Katauhan! Ihanda ang iyong sarili na magbigay sulit sa bawat araw bago ka pa tawagin sa isang pagtutuos..."[3]**

3. Ano ang dapat nating gawin bago tayo tawagin sa isang pagtutuos?______________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**"Sabihin: O mga kapatid! Hayaang mga gawa, hindi mga salita, ang inyong maging palamuti."[4]**

4. Ano ang dapat nating tunay na palamuti? _________________________________

______________________________________________________________________

**"Ang banal na mga salita at wagas at butihing mga gawa ay umaakyat sa langit ng makalangit na luwalhati."[5]**

5. Ano ang nangyayari sa banal na mga salita at wagas at butihing mga gawa? _______
_______________________________________________________________________
_______________________________________________________________________

## BAHAGI 2

Nasa ibaba ang isang bilang ng mga pagsasanay na nauugnay sa mga siping kababasa mo pa lamang. Nilalayon ng mga ito na matulungan pa ang inyong grupo sa pagninilay-nilay sa kahulugan ng mga sipi, at hindi dapat isagawa nang hindi nag-iisip. Hindi ito nangangahulugan na kailangan ng bawat pagsasanay ng mahabang talakayan. Kapag mapanghamon ang pagsasanay, tutulungan kayo ng inyong tutor sa lubos na pagsasaliksik nito.

1. Kapag "kapuri-puri" ang isang bagay, karapat-dapat itong purihin. Alin sa sumusunod ang kapuri-puri?

   _____ Ang maging isang mabuting manggagawa
   _____ Ang gumalang sa ibang tao
   _____ Ang maging palaaral
   _____ Ang maging sinungaling
   _____ Ang maging tamad
   _____ Ang paglingkuran ang mga iba

2. Ano'ng ibig sabihin ng pariralang "bago ka pa tawagin sa isang pagtutuos"? ______
_______________________________________________________________________

3. Alin sa sumusunod na mga pangungusap ang totoo?

   _____ Kaunting-kaunti lamang ang mabubuting mga tao sa daigdig kaya walang bisa ang kanilang mga kilos.
   _____ Tama ang isang bagay kapag ito'y sumang-ayon sa mga palagay ng tao.
   _____ Tama ang isang bagay kapag ito'y sumang-ayon sa mga turo ng Diyos.

4. Alin sa sumusunod ang wagas at butihing mga gawa?

   _____ Pag-aalaga at pagtuturo sa mga bata
   _____ Pagnanakaw
   _____ Pagdarasal para sa ikauunlad ng iba
   _____ Pagsisinungaling tungkol sa maliit na bagay upang makaiwas sa problema
   _____ Pagtulong sa iba at umaasa ng gantimpala

5. Alin sa sumusunod na sitwasyon ang naiiba ang mga salita ng isang tao mula sa kaniyang mga gawa?

_____ Palaging inuulit ng isang tao na dapat tayong magkaisa subalit kumikilos siya sa paraang nagbubunga ng gulo.

_____ Pinupuri ng isang tao ang malinis na pamumuhay subalit mayroon siyang relasyong seksuwal sa labas ng kasal.

_____ Paminsan-minsan ay umiinom ng alak ang isang tao samantalang sinasabi niyang kasapi siya ng isang relihiyong ipinagbabawal ang pag-inom.

_____ Itinataguyod ng isang tao ang pantay na karapatan ng lalaki at babae, subalit bilang isang nagpapatrabaho ay mas maliit ang ibinabayad niya sa babae kaysa sa lalaki.

6. Pinahihintulutan ba ang isang Bahá'í na mangumpisal sa ibang tao? ____________

7. Ano ang dapat niyang gawin sa halip na mangumpisal? ______________________

______________________________________________________________

8. Ano ang ibig sabihin ng pariralang "langit ng makalangit na luwalhati"? _________

______________________________________________________________

9. Ano ang epekto ng masasamang mga gawa sa daigdig? ______________________

______________________________________________________________

10. Ano ang epekto ng masasamang mga gawa doon sa gumagawa ng mga ito? _______

______________________________________________________________

## BAHAGI 3

Ngayon ay basahin at nilay-nilayin ang sumusunod na mga sipi mula sa mga Kasulatan. Pagkatapos ay sikaping isaulo ang mga ito.

**"Ang pagkamakatotohanan ang batayan ng lahat ng mga katangiang pantao."**[6]

1. Ano ang batayan ng lahat ng katangian ng tao? ____________________________

______________________________________________________________

**"Kapag walang pagkamakatotohanan, ang pag-unlad at tagumpay sa lahat ng mga daigdig ng Diyos ay di-maaaring mangyari sa kanino mang kaluluwa."**[7]

2. Ano ang di-maaaring mangyari kung walang pagkamakatotohanan? ______________
___________________________________________________________________________

> **"Pagandahin ang inyong mga dila, O mga tao, ng pagkamatotohanan, at palamutian ang inyong mga kaluluwa ng hiyas ng katapatan."[8]**

3. Sa ano natin pagagandahin ang ating mga dila?________________________________
___________________________________________________________________________

4. Sa ano natin palalamutian ang ating mga kaluluwa? ____________________________
___________________________________________________________________________

> **"Maging malinis ang inyong mata, tapat ang inyong kamay, makatotohanan ang inyong dila, at naliliwanagan ang inyong puso."[9]**

5. Paano ba dapat ang ating mata? __________________ Ang ating kamay? _________
Ang ating dila? _______________________ Ang ating puso? ___________________

> **"Silang nananahan sa loob ng Tabernakulo ng Diyos, at naitatag sa mga luklukan ng walang-hanggang kaluwalhatian, ay tatanggi, kahit na sila'y namamatay na sa gutom, na unatin ang kanilang mga kamay at kunin nang hindi ayon sa batas ang pag-aari ng kanilang kapitbahay, gaano man sila kaaba at kawalang halaga."[10]**

6. Ano ang hindi natin dapat gawin, kahit na tayo'y namamatay na sa gutom? ________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

## BAHAGI 4

Maaaring napansin mo sa Bahagi 2, na hinihingi ng ilang mga pagsasanay ang tiyak na mga sagot. Sa gayong mga pagkakataon, kung mayroong pag-aalinlangan sa sagot, ang tutor ng inyong grupo ay makatutulong sa iyo at sa iyong mga kapwa-kalahok upang magkaroon ng pagkakaisa sa kaisipan. Para sa ibang mga pagsasanay, ang mismong talakayan ang mahalaga, at walang inaasahang iisang tiyak na sagot. Sa mga sumusunod, ang pangatlong pagsasanay ay nasa unang uri, samantalang ang pang-anim na pagsasanay ay nasa pangalawang uri.

1. Ang pagkamakatotohanan ang batayan ng lahat ng mga katangiang pantao. Magbigay ng limang mga katangian: _________________________________________________
___________________________________________________________________________
___________________________________________________________________________

2. Maaangkin ba natin ang mga katangiang ito kung walang pagkamakatotohanan? ___

3. Alin sa sumusunod na pangungusap ang totoo?

_____ Ang isang tao ay maaaring maging makatarungan, kahit nagsisinungaling siya.

_____ Ang magnanakaw ay may matapat na kamay.

_____ Ang matapat na kamay ay hindi kailanman gagalaw sa anumang hindi kaniya.

_____ Ang pagbasa ng malaswang mga aklat at magasin ay labag sa payo ni Bahá'u'lláh na magkaroon ng matang malinis.

_____ Ang pagkamakatotohanan ay ang hindi pagsisinungaling.

_____ Ang katapatan ay isang hiyas ng kaluluwa.

_____ Ang taong sinungaling ay uunlad pa rin sa espiritu.

_____ Puwedeng magsinungaling paminsan-minsan.

_____ Katanggap-tanggap sa Diyos ang pagnanakaw kapag nagugutom ang tao.

_____ Ang pagkuha ng isang bagay nang walang pahintulot ng may-ari, sa pag-iisip na ibabalik din natin ito, ay hindi pagnanakaw.

_____ Kung tayo'y naging matapat, makatarungan, at makatotohanan, ang ating puso ay naliliwanagan.

_____ Hindi maaaring magtagumpay sa negosyo kapag hindi nandaraya nang kaunti.

4. Maaari bang magsinungaling sa sarili? ____________________________________

5. Ano'ng nawawala sa atin kapag nagsisinungaling tayo? ______________________

____________________________________________________________________

6. Magiging anong uri ang daigdig kung ang lahat ay naging makatotohanan at matapat?

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

## BAHAGI 5

Basahin ang sumusunod na mga sipi at sikaping isaulo ang mga ito. Ang pagsasaulo ng mga sipi ay lubos na nakalulugod sa sarili, at dapat ninyong gawin ang inyong sukdulang pagsisikap upang magawa ito. Ang lahat ng tao, mangyari pa, ay hindi nakapagsasaulo ng

mga sipi nang madali lamang. Ang pagsusumikap, gayumpaman, ay nakatutulong sa atin upang maikintal ang mga ideya sa ating mga puso at mga isipan at mailahad ang mga iyon sa mga salitang pinakamalapit sa orihinal na teksto hanggang maaari.

**"Ang mabait na dila ay batubalani ng mga puso ng mga tao. Ito ang tinapay ng espiritu, dinadamtan nito ang mga pananalita ng kahulugan, ito ang bukal ng liwanag ng kaalaman at pag-unawa."[11]**

1. Paano mailalarawan ang mabait na dila? ______________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

2. Ano ang epekto ng mabait na dila sa mga salita?________________________________

________________________________________________________________________

**"O kayong minamahal ng Panginoon! Sa banal na Dispensasyong ito, ang pag-aaway at pagtatalo ay hindi pinahihintulutan sa anumang dahilan. Pinagkakaitan ng bawat mang-aaway ang kaniyang sarili ng biyaya ng Diyos."[12]**

3. Sang-ayon sa siping ito, ano ang hindi pinahihintulutan sa Dispensasyong ito? _____

________________________________________________________________________

4. Ano ang ginagawa ng mang-aaway sa kaniyang sarili?__________________________

________________________________________________________________________

**"Sa Araw na ito, walang anuman ang higit pang makapipinsala sa Kapakanang ito kaysa sa pagtatalo at paglalaban, pagtutol, kalayuan ng loob, at kawalang-malasakit sa pagitan ng mga minamahal ng Diyos."[13]**

5. Ano ang mga kalagayang nagbibigay ng lubos na pinsala sa Kapakanan ng Diyos? _

________________________________________________________________________

________________________________________________________________________

**"Huwag masiyahan sa pakikipagkaibigan sa pamamagitan ng salita lamang, hayaang mag-alab ang iyong puso sa masuyong kabaitan para sa lahat ng tatawid sa iyong landas."[14]**

6. Anong uri ng pakikipagkaibigan ang hindi sasapat sa atin?______________________

________________________________________________________________________

7. Ano ang dapat mag-alab sa ating mga puso? ________________________________
______________________________________________________________________

**"Kung sa guniguni'y gumuhit ang digmaan, salungatin iyon ng lalong malakas na kaisipan ng kapayapaan. Ang isang kaisipan ng pagkapoot ay dapat wasakin ng isang lalong malakas na kaisipan ng pag-ibig."**[15]

8. Ano ang dapat sasalungat sa isang kaisipan ng digmaan? ______________________
______________________________________________________________________

9. Ano ang dapat wawasak sa isang kaisipan ng pagkamuhi? _____________________
______________________________________________________________________

## BAHAGI 6

Habang isinasaisip ang mga sipi sa itaas, gawin ang sumusunod na mga pagsasanay:

1. Ang "batubalani" ay ibang salita para sa magneto. Sa anong paraan nagiging tulad ng batubalani ang isang mabait na dila? ________________________________________

2. Alin sa sumusunod na mga parirala ang galing sa mabait na dila?

    _____ "Huwag mo akong abalahin!"
    _____ "Bakit di mo ito maintindihan?"
    _____ "Maaari po ba kayong maghintay?"
    _____ "Walang-hiya ang mga batang ito!"
    _____ "Salamat po. Napakabait ninyo."
    _____ "Ay, wala akong panahon ngayon. Abala ako."

3. Alin sa sumusunod na mga sitwasyon ang nagpapakita ng pagtatalo?

    _____ Nagpahayag ng magkakaibang pananaw ang dalawang tao tungkol sa isang paksa habang nagsasanggunian.
    _____ Nagalit ang dalawang tao at nakipagtaltalan sa isa't isa habang nagsasanggunian.
    _____ Ang dalawang tao ay huminto sa pagdalo sa lingguhang pagtitipon upang manalangin dahil hindi sila nagkikibuan.
    _____ Ang mga miyembro ng isang team na nagtutulungan sa isang proyekto ay laging nagrereklamo, at sinasabi ng bawat isa na hindi ginagawa ng mga iba ang kanilang bahagi.

4. Alin sa sumusunod na mga sitwasyon ang nagpapakita ng kalayuan ng loob?

______ Dinaanan ng dalawang magkaibigan ang isa't isa sa kalsada subalit hindi nila pinansin ang isa't isa.

______ May dumating sa devotional meeting, at malugod siyang binati ng lahat.

______ Bagama't magalang sa isa't isa, ang dalawang miyembro ng isang grupo ay nag-aatubiling makilahok sa isang proyekto nang magkasama.

5. Magpasiya kung ang sumusunod na mga parirala ay totoo:

______ Dapat sabihin ng tao ang tunay niyang iniisip tungkol sa ibang tao; hindi mahalaga kung masaktan ang kanilang mga puso.

______ Tama lang ang magsinungaling upang maiwasan ang away.

______ Ang pag-aaway ay madadaig ng pag-ibig at kabaitan.

______ Ang mga salita ay higit na mabisa kapag sinasabi ito nang may pagmamahal.

______ Tama ang makipag-away kung siya naman ang nagsimula sa away.

______ May karapatang magsalita ng masakit sa iba kapag may karamdaman o nagdadalamhati ang isang tao.

______ Ang pagtawanan ang iba kapag siya'y nagkamali ay hindi kabaitan.

______ Kapag may samaan ng loob ang magkaibigan, ang bawat isa ay dapat magsikap na magkalapit sila muli.

______ Kapag may samaan ng loob ang magkaibigan, ang bawat isa ay dapat maghintay hanggang maunang lumapit ang kabila.

## BAHAGI 7

Basahin ang mga sipi sa ibaba at isaulo ang mga ito:

**". . . ang paninirang-puri ay pumapatay sa liwanag ng puso, at pinapatay ang buhay ng kaluluwa."**[16]

**"Huwag ihinga ang mga pagkakasala ng iba habang ikaw sa iyong sarili ay isang makasalanan."**[17]

**"Huwag magsalita ng masama, nang hindi mo marinig na iyon ay sabihin sa iyo, at huwag palakihin ang mga kamalian ng iba, nang ang iyong sariling mga kamalian ay hindi lumitaw na malaki . . ."**[18]

**"O Anak ng Katauhan! Paano mo nalilimutan ang iyong sariling mga pagkakamali at inaabala ang iyong sarili sa mga pagkakamali ng iba? Sinumang gumawa nito ay isinusumpa Ko."**[19]

1. Ano ang epekto ng paninirang-puri sa gumagawa nito? ________________________

______________________________________________________________________

2. Ano ang dapat nating isipin bago natin inihihinga ang mga pagkakasala ng ibang tao?

________________________________________________________________

3. Ano ang mangyayari sa atin kapag pinalalaki natin ang mga pagkakamali ng iba? ___

________________________________________________________________

4. Ano ang dapat nating alalahanin kapag naiisip natin ang mga pagkukulang ng iba? _

________________________________________________________________

## BAHAGI 8

Habang isinasaisip ang mga sipi sa itaas, gawin ang sumusunod na mga pagsasanay:

1. Ano ang nangyayari sa pag-unlad ng kaluluwa ng taong itinutuon ang kaniyang isipan sa mga kamalian ng iba? ________________________________________

2. Ano ang epekto ng paninirang-puri sa isang pamayanan? ____________________

________________________________________________________________

3. Ano ang iyong gagawin kapag ang isang kaibigan ay magsisimulang sabihin sa iyo ang tungkol sa mga pagkakamali ng iba? ______________________________

________________________________________________________________

4. Ipasiya kung totoo ang sumusunod na mga pangungusap:

_____ Kapag ang pinag-uusapan natin ay ang totoong mga pagkukulang ng isang tao, hindi tayo naninirang-puri.

_____ Kapag sabay nating pinag-uusapan ang mga kapuri-puring katangian at mga pagkukulang ng isang tao, hindi tayo naninirang-puri.

_____ Ang paninirang-puri ay nakasanayan na sa ating lipunan, at kailangan nating linangin ang disiplinang iwasan ito.

_____ Kung mangangako ang tagapakinig na hindi niya uulitin sa iba ang ating sasabihin tungkol sa isang tao, walang masama sa paninirang-puri.

_____ Ang paninirang-puri ay isa sa pinakamatinding kalaban ng pagkakaisa.

_____ Kung naging ugali na natin ang magkuwento tungkol sa ibang tao sa lahat ng panahon, madali tayong masadlak sa paninirang-puri.

_____ Kapag ang kakayahan ng iba't ibang tao ang pinag-uusapan sa Local Spiritual Assembly upang humirang ng mga miyembro ng isang komite, ito'y paninirang-puri.

______ Kapag ating naramdaman ang simbuyong manirang-puri, dapat nating isipin ang ating sariling mga pagkukulang.

______ Kapag alam nating may taong gumagawa ng nakasasama sa Pananampalataya, dapat nating talakayin ito sa mga miyembro ng pamayanan.

______ Kapag alam nating may taong gumagawa ng nakasasama sa Pananampalataya, dapat ipaalam lamang ito sa Local Spiritual Assembly.

______ Hindi masamang pag-usapan ng mag-asawa ang mga pagkukulang ng ibang tao dahil, bilang mag-asawa, dapat wala silang ililihim sa isa't isa.

## BAHAGI 9

Ang layunin ng yunit na ito, tulad ng nabanggit sa simula, ay upang tulungan ang mga kalahok sa kanilang mga pagsisikap na linangin at palakasin ang ugali ng pagbabasa ng mga sipi mula sa mga Santong Kasulatan sa araw-araw at nilay-nilayin ang kahulugan ng mga ito. Ang pagbasa ng mga bersikulo ng Diyos bawat umaga at gabi ay isang turo ni Bahá'u'lláh na nakatutulong sa ating espiritwal na pag-unlad. Pinaaalaala sa atin ng sumusunod na sipi ang mga biyayang natatanggap natin mula sa pagtupad sa tungkuling ito, at hinihimok kayong isaulo ito:

> **"Ilubog ang inyong mga sarili sa karagatan ng Aking mga salita, upang matastas ninyo ang mga lihim nito, at matuklasan ang lahat ng mga perlas ng karunungang natatago sa mga kailaliman nito."**[20]

Yamang natapos mo na ang yunit na ito, maaaring nais mo nang magkaroon ng aklat ng mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh at basahin ito sa araw-araw. Ang Natatagong mga Salita ay isang mahusay na unang mapipili.

## MGA REPERENSYA


1. Bahá'u'lláh, cited by Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice* [Ang Pagsapit ng Katarungan ng Diyos] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2006, 2018 printing), par. 39, pp. 36–37.

2. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), CXXXIX, par. 8, p. 345.

3. Bahá'u'lláh, *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2003, 2012 printing), Arabic no. 31, p. 11.

4. Ibid., Persian no. 5, p. 24.

5. Ibid., Persian no. 69, p. 46.

6. 'Abdu'l-Bahá, cited by Shoghi Effendi, *The Advent of Divine Justice* [Ang Pagsapit ng Katarungan ng Diyos], par. 40, p. 39.

7. Ibid.

8. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXXXVI, par. 6, p. 336.

9. *Tablets of Bahá'u'lláh Revealed after the Kitáb-i-Aqdas* [Mga Tabletang Ipinahayag ni Bahá'u'lláh pagkatapos ng Kitáb-i-Aqdas] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1988, 2005 printing), no. 9.5, p. 138.

10. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXXXVII, par. 3, p. 338.

11. Ibid., CXXXII, par. 5, p. 327.

12. *Will and Testament of 'Abdu'l-Bahá* [Habilin at Testamento ni 'Abdu'l-Bahá] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1944, 2013 printing), p. 26.

13. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], V, par. 5, p. 8.

14. From a talk given on 16 and 17 October 1911, published in *Paris Talks: Addresses Given by 'Abdu'l-Bahá in 1911* [Mga Pagsasalita sa Paris ni 'Abdu'l-Bahá] (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2006, 2016 printing), no. 1.7, p. 6.

15. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 21 October 1911, ibid., no. 6.7, p. 22.

16. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXXV, par. 3, p. 300.

17. *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita], Arabic no. 27, p. 10.

18. Ibid., Persian no. 44, p. 37.

19. Ibid., Arabic no. 26, p. 10.

20. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], LXX, par. 2, p. 154.



# Dasal

## Layunin

Upang nilay-nilayin ang kahalagahan ng dasal at upang palakasin ang kaugalian ng regular na pagdarasal.

## BAHAGI 1

Nilalayon ng mga kurso ng Ruhi Institute ang tulungan ang mga kalahok upang tumahak sa landas ng paglilingkod. Lumalakad tayo sa landas na ito sa pagbunsod ng dalawang layuning moral—upang umunlad sa espiritwal at sa kaisipan, at upang makatulong sa pagbabago ng lipunan. Itong dalawang aspekto ng ating layunin ay hindi maipaghihiwalay sa isa't isa. Pinapayuhan tayo ni Bahá'u'lláh sa isang sipi na:

> **"Huwag maging abala sa sarili ninyong mga alalahanin; tulutang ipako ninyo ang inyong mga kaisipan sa yaong magpapabuti sa mga kapalaran ng sangkatauhan at magpapabanal sa mga puso at mga kaluluwa ng tao."[1]**

Sa isa pang sipi nililinaw Niya na:

> **"… ang layunin para sa paghakbang ng taong mortal mula sa ganap na kawalan patungo sa umiiral na daigdig ay upang magawa nilang magsumikap para sa ikabubuti ng daigdig at sama-samang mamuhay sa katiwasayan at pagkakasundo."[2]**

Kaugnay ng ating panloob na kalagayan, sinabi Niya:

> **"Ang dalisay na puso ay tulad ng salamin; linisin ito ng pampakintab ng pag-ibig at pagkawalay sa lahat liban sa Diyos, nang upang ang tunay na araw ay sumikat doon at ang umagang walang-maliw ay mamitak."[3]**

At sinabi ni 'Abdu'l-Bahá sa atin:

> **"Ang inyong mga puso ay dapat maging dalisay at ang inyong mga layunin matapat upang kayo ay tumanggap ng mga banal na kaloob."[4]**

1. Ano ang dapat nating pinagtutuonan ng ating mga kaisipan at mga alalahanin? ____
________________________________________
________________________________________

2. Sa anong layunin tayo humakbang mula sa ganap na kawalan patungo sa umiiral na daigdig? ________________________________________
________________________________________
________________________________________

3. Ano ang ipanlilinis natin sa salamin ng ating puso? ____________________
________________________________________

4. Ano ang ilan sa mga kalagayang aakit ng banal na mga kaloob? ______________
________________________________________

5. Totoo ba ang alinman sa mga sumusunod?

- Dapat mo munang alagaan ang iyong sarili, at pagkatapos ay maaari mong alagaan ang iba.
- Kung lagi kang tumutulong sa iba, sa wakas hindi mo na alam ang sarili mong mga layunin.
- Ikaw ang pinakamatalik mong kaibigan.
- Ang pinakamahalaga ay ang pagtuklas kung ano ang nagpapaligaya sa iyo.
- Sumunod sa iyong mga pangarap, at dadalhin ka ng mga ito sa kaligayahan.
- Basta wala kang nasasaktan, kahit ano ay maaari mong gawin.
- Tama lang na makasarili ang iyong mga motibo, basta nakagagawa ka rin ng kabutihan.

## BAHAGI 2

Ang isang paniniwalang nasa kaibuturan ng ating dalawang layuning moral ay nilikha tayong lahat na marangal. Sinabi ni Bahá'u'lláh:

> **"O Anak ng Espiritu! Ika'y nilikha Kong mayaman, bakit mo ibinaba ang iyong sarili sa karalitaan? Ika'y ginawa Kong marangal, ano at pinaging-hamak ang iyong sarili? Mula sa diwa ng kaalaman ika'y binigyan Ko ng buhay, bakit humahanap ka ng kaliwanagan sa iba bukod sa Akin? Mula sa luad ng pag-ibig ay hinubog Ko ikaw, paano at nag-aabala ng iyong sarili sa iba? Ituon ang iyong paningin sa iyong sarili, nang makita mong Ako'y nakatindig sa loob mo, malakas, makapangyarihan, at nabubuhay sa sarili."**[5]

Ang pagpuno sa mga patlang sa ibaba ay makatutulong sa iyo upang nilay-nilayin ang siping ito.

"O Anak ng Espiritu! Ika'y nilikha Kong ______________ , bakit mo _______________ ang iyong sarili sa _____________ ? Ika'y ginawa Kong _____________, ano at pinaging- _____________ ang iyong sarili? Mula sa _____________ ng __________________ ika'y binigyan ko ng buhay, bakit _________________ ka ng ________________ sa iba bukod sa _________ ? Mula sa luad ng _______________ ay _______________ Ko ikaw, paano at _______________ ng iyong sarili sa _____________? Ituon ang iyong _____________ sa iyong _______________ , nang makita mong _____________ nakatindig sa loob mo, _________________ , ___________________ , at ______________________________."

Upang maging tapat sa pagiging marangal ng ating mga kaluluwa, kailangan nating bumaling patungo sa Pinagmulan ng ating pagkalalang at humanap ng kaliwanagan mula sa Kaniya. Ang isa sa pinakamabisang paraan upang matamo ito ay sa pamamagitan ng dasal. Sinabi sa atin ni Shoghi Effendi, ang Guardian ng Pananampalataya, na ang pangunahing layunin nito ay "ang pag-unlad ng indibidwal at ng lipunan, sa pamamagitan ng pagtatamo ng mga katangian at mga kapangyarihang espiritwal. Ang kaluluwa ng tao ay kailangan munang pakainin. At itong espiritwal na pagkain ay pinakamahusay na maibibigay ng dasal."[6]

## BAHAGI 3

Ang Diyos ang Nakababatid ng Lahat, ang Pinakamarunong. Nilikha Niya tayo at alam Niya kung ano ang nasa ating mga puso at kung ano ang pinakamabuti para sa atin. Hindi Niya kailangan ang ating mga dasal. Kung gayon, bakit tayo nagdarasal?

Sabi ni 'Abdu'l-Bahá:

> **"Sa pinakamataas na anyo ng pagdarasal, ang mga tao ay nananalangin dahil lamang sa pag-ibig sa Diyos, hindi dahil sa sila'y natatakot sa kaniya o sa impiyerno, o sila'y umaasa ng biyaya o kalangitan. … Kapag ang isang tao ay umibig sa isa pang tao, imposibleng hindi niya babanggitin ang pangalan ng kaniyang minamahal. Gaano pa kahirap ang pigilan ang pagbanggit sa pangalan ng Diyos kapag napamahal na Siya sa kaniya. … Ang espiritwal na tao ay walang nahahanap na kasiyahan sa anuman liban sa pagdiriwang sa Diyos."[7]**

At bilang tugon sa isang tanong, ipinaliwanag Niya na:

> **"Kung ang isang kaibigan ay nagmamahal, hindi ba natural lamang na nais niyang sabihin ito? Kahit na alam niya na batid ng kaniyang kaibigan ang kaniyang pag-ibig, hindi na ba niya nanaising sabihin ito sa kaniya? … Totoo na batid ng Diyos ang mga pagnanasa ng lahat ng mga puso; subalit ang udyok na magdasal ay likas sa tao, na nagmumula sa pag-ibig ng tao sa Diyos."[8]**

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Sa ____________________ na anyo ng pagdarasal, tayo ay ________________ dahil lamang sa ________________ sa Diyos, hindi dahil tayo'y natatakot sa Kaniya o sa ____________ , o dahil tayo'y umaasa ng ______________ o ______________ .

   b. Kapag tayo'y ___________ sa isang tao, ______________ hindi natin babanggitin ang ________________ ng ating minamahal. Gaano pa __________ ang pigilan ang _______________ sa Pangalan ng ________ kapag ___________ na Siya sa kaniya.

   c. Ang espiritwal na tao ay walang nahahanap na ___________ sa anuman liban sa ________________ sa Diyos.

2. Bakit tayo nagdarasal? ________________________________________

________________________________________

3. Ano ang ibig sabihin ng pariralang “pagdiriwang sa Diyos? ________________

________________________________________

4. Ano ang pinakamatinding hangarin ng isang taong nagmamahal sa isa pang tao? __

________________________________________

5. Saan nagmumula ang udyok na magdasal? ____________________________

________________________________________

## BAHAGI 4

Sa isang dalanging ipinahayag ni Bahá’u’lláh, nababasa natin:

**“Isinasamo ko sa Iyo … na ang aking dalangin ay lumikha ng isang apoy na sisilab sa mga lambong na naglingid sa akin sa iyong kagandahan, at ng isang liwanag na mag-aakay sa akin patungo sa karagatan ng Iyong kinaroroonan.”**[9]

Hinihiling natin mula sa Diyos sa dasal ding iyon na:

**“Ang aking dalangin ay gawin Mo, O aking Panginoon, na maging isang bukal ng mga buhay na tubig na dito ay maaari akong mabuhay habang nananatili ang Iyong paghahari, at maaaring banggitin Kita sa bawat daigdig ng Iyong mga daigdig.”**[10]

1. Sa anong diwa maihahalintulad ang dasal sa apoy? Ano ang tinutupok nito? ______

________________________________________

2. Banggitin ang ilang mga lambong na naglilingid sa atin mula sa Diyos: __________

________________________________________

________________________________________

3. Maihahalintulad ba ang dasal sa liwanag? Saan tayo inihahatid nito? ____________

________________________________________

________________________________________

4. Maihahalintulad ba ang dasal sa mga buhay na tubig? Ano ang ipinagkakaloob nito sa ating mga kaluluwa? ________________________________________

________________________________________

## BAHAGI 5

Basahin at nilay-nilayin ang sumusunod na mga salita ni ‘Abdu’l-Bahá:

**“Walang bagay sa umiiral na daigdig ang mas matamis pa kaysa sa dasal. Ang tao ay dapat mamuhay sa isang kalagayan ng pagdarasal. Ang lubos na pinagpalang kalagayan ay ang kalagayan ng pagdarasal at pagsusumamo. Ang pagdarasal ay ang pakikipag-usap sa Diyos. Ang pinakadakilang kaganapan o pinakamatamis na kalagayan ay walang iba kundi ang pakikipag-usap sa Diyos. Ito’y lumilikha ng kabanalan, lumilikha ng kamalayan at makalangit na mga damdamin, lumalalang ng bagong mga pagkaakit sa kaharian at nagbubunga ng mga kakayahan ng higit na mataas na kaisipan”[11]**

1. Ano ang pinakamatamis na kalagayan sa umiiral na daigdig? ____________________

2. Ano ang ibig sabihin ng pariralang “kalagayan ng pagdarasal”? ____________________

3. Magbanggit ng ilan sa mga katangiang nalilikha ng dasal. ____________________

4. Muling basahin ang mga siping pinag-aralan mo sa yunit na ito at sumulat ng limang parirala tungkol sa likas na katangian ng dasal.

   – Ang dasal ay ____________________
   – Ang dasal ay ____________________
   – Ang dasal ay ____________________
   – Ang dasal ay ____________________
   – Ang dasal ay ____________________

## BAHAGI 6

Basahin ang sumusunod na mga salita ni Bahá'u'lláh at nilay-nilayin ang mga ito:

> **"Dalitin, O Aking tagapaglingkod, ang mga taludtod ng Diyos na tinanggap mo, gaya ng pagdalit ng mga nakalapit sa Kaniya, upang ang katamisan ng iyong awit ay makapagpaningas sa iyong sariling kaluluwa, at maakit ang mga puso ng lahat ng tao. Sino mang bumigkas, sa katahimikan ng kaniyang silid, ng mga taludtod na ipinahayag ng Diyos, ang mga tagapagkalat na anghel ng Lubos na Makapangyarihan ay magsasabog sa ibayo ng kabanguhan ng mga salitang binigkas ng kaniyang bibig, at magpapapintig sa puso ng bawat matuwid na tao. Bagaman sa simula ay maaaring hindi niya madama ang bisa nito, ang kapangyarihan ng biyayang kaloob sa kaniya, sa malaon o madali ay makahihimok sa kaniyang kaluluwa. Sa ganiyan ang mga hiwaga ng Rebelasyon ng Diyos ay iniatas sa bisa ng kalooban Niya Na Mula ng lakas at karunungan."[12]**

1. Ano ang ibig sabihin ng "dalitin"? ______________________________

   ______________________________

2. Paano natin dapat dalitin ang mga taludtod ng Diyos? ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

3. Ano ang ibig sabihin ng "bumigkas"? ______________________________

   ______________________________

4. Ano ang ibig sabihin ng "magsasabog"? ______________________________

   ______________________________

5. Ano ang magiging epekto ng katamisan ng ating awit sa ating sariling mga kaluluwa?

   ______________________________

6. Ano ang magiging epekto ng katamisan ng ating awit sa mga puso ng ibang mga tao?

   ______________________________

   ______________________________

## BAHAGI 7

Maaaring nanaisin mong isaulo ang sumusunod na dalawang sipi mula sa isang dalanging ipinahayag ni Bahá'u'lláh:

**"O Diyos, aking Diyos! Huwag tingnan ang aking mga pag-asa at aking mga gawain, sa halip ang tingnan Mo ay ang iyong kalooban na laganap sa mga langit at sa lupa. Saksi ang Iyong Pinakadakilang Pangalan, O Ikaw na Panginoon ng lahat ng bansa! Ang tanging hangad ko ay ang Iyong hangad, at ang tanging pag-ibig ko ay ang Iyong iniibig."**[13]

**"Napakataas Mo para sa papuri ng mga malalapit sa Iyo upang umakyat sa langit ng Iyong kalapitan, o para sa mga ibon ng mga puso nilang mga matatapat sa Iyo upang makarating sa bungad ng iyong pintuan. Pinatutunayan ko na Ikaw ay konsagrado nang higit sa lahat ng mga katangian at higit na banal sa lahat ng mga pangalan. Walang Diyos liban sa Iyo, ang Kataas-taasan, ang Lubos na Maluwalhati."**[14]

## BAHAGI 8

Sinabi ni 'Abdu'l-Bahá:

**"Nararapat sa tagapaglingkod ang magdasal at humingi ng tulong mula sa Diyos, at magsumamo at manikluhod sa Kaniyang tulong. Ganoon ang nararapat sa ranggo ng paglilingkod, at iuutos ng Panginoon ang anumang ninanais Niya, sang-ayon sa Kaniyang sukdulang karunungan."**[15]

At Kaniyang ipinaliwanag:

**"Ang espiritu ay may panghikayat; ang dasal ay may espiritwal na bisa. Kaya, tayo'y nananalangin ng 'O Diyos, pagalingin ang may sakit na ito!' Baka sakaling sumagot ang Diyos. Mahalaga ba kung sino ang nagdarasal? Sasagutin ng Diyos ang dasal ng bawat tagapaglingkod kung ang dasal na iyon ay mahigpit ang pangangailangan. Ang Kaniyang awa ay napakalawak, walang hangganan. Sumasagot Siya sa mga panalangin ng lahat ng Kaniyang mga tagapaglingkod. Sumasagot Siya sa dasal ng halamang ito. May likas na panalangin ang halaman, 'O Diyos, Padalhan Mo ako ng ulan!' Sumasagot ang Diyos sa dasal, at ang halaman ay tumutubo. Sasagutin ng Diyos ang kahit sinuman."**[16]

Natural lamang na hihingin natin sa Diyos sa ating mga dalangin na tustusan Niya ang ating mga pangangailangan. Sa gayon ay nagdarasal tayo para sa ating kalusugan at para sa kalusugan ng ating mga minamahal, nagdarasal tayo para sa pag-unlad sa espiritwal at materyal ng ating mga pamilya, at nagdarasal tayo para sa pamamatnubay. Humihingi tayo ng lakas, ng pananalig, at ng pagpapatibay sa landas ng paglilingkod. Sa pagdasal sa Diyos, mangyari pa, dapat nating tandaan na ang ating layunin sa buhay ay ang iayon ang ating kalooban sa Kaniyang Kalooban. Samakatwid ay dapat nating ipagdasal na matupad ang Kaniyang kalooban at maging handa tayong sumunod dito. Kung iyong isasaulo ang sumusunod na mga salita ni 'Abdu'l-Bahá, ito'y magiging bukal ng kaligayahan at katiyakan para sa iyo sa lahat ng oras:

**"O ikaw na nagbabaling ng iyong mukha tungo sa Diyos! Ipikit ang iyong mga mata sa lahat ng ibang bagay, at imulat ang mga ito sa kaharian ng Ganap na Maluwalhati. Hingiin ang anumang iyong naisin mula sa Kaniya lamang;**

**hanapin ang anumang iyong hinahanap mula sa Kaniya lamang. Sa isang tingin ipinagkakaloob Niya ang isang daang libong mga pag-asa, sa isang sulyap pinagagaling Niya ang isang daang libong karamdamang walang lunas, sa isang pagtungo pinapahiran Niya ng balsamo ang bawat sugat, sa isang lingon pinalalaya Niya ang mga puso mula sa mga tanikala ng dalamhati. Kaniyang ginagawa ang Kaniyang ginagawa, at ano ang ating magagawa? Kaniyang pinatutupad ang Kaniyang naisin, Kaniyang iniuutos ang Kaniyang kagustuhan. Kung gayon ay higit na mabuti para sa iyo ang iyukod ang iyong ulo sa pagsunod, at ilagay ang iyong tiwala sa Panginoong Lubos na Mahabagin."**[17]

## BAHAGI 9

Mula sa lahat ng napag-aralan na natin hanggang dito, malinaw na isang pangunahing pangangailangan ng espiritwal na buhay ang pagbaling sa Diyos sa pamamagitan ng dasal. Napakatamis ang magdasal sa Diyos pagkagising sa umaga at bago matulog sa gabi. Ang panahong ginugugol natin sa pagdarasal araw-araw at ang bilang ng mga dalanging inuusal natin ay nababatay sa ating mga pangangailangan at sa ating pagkauhaw sa espiritwal. Sa bawat pagkakataon maaari tayong pumili mula sa napakaraming dasal na ipinahayag ni Bahá'u'lláh, ng Báb, at ni 'Abdu'l-Bahá. Gayumpaman, si Bahá'u'lláh ay nagpahayag ng tatlong dalanging katungkulang isagawa araw-araw. Sinabi ni Shoghi Effendi na:

**"Ang mga dalanging katungkulang isagawa araw-araw ay tatlo ang bilang. Ang pinakamaikli ay nagtataglay ng nag-iisang taludtod na dapat usalin minsan sa loob ng dalawampu't apat na oras, sa tanghali. Ang katamtaman [na dasal] na nagsisimula sa mga salitang, 'Saksi ang Panginoon na walang ibang Diyos liban sa Kaniya,' ay dapat usalin nang tatlong beses sa isang araw, sa umaga, sa tanghali, at sa gabi. Ang dasal na ito ay sinasabayan ng ilang pisikal na kilos at galaw. Ang mahabang dasal, na pinakamadetalye sa tatlo, ay kailangang usalin minsan lamang sa loob ng bawat dalawampu't apat na oras, at sa anumang oras na maramdamang nais nating magdasal.**

**"Ang mananampalataya ay ganap na malayang pumili ng isa sa tatlong dalanging ito, ngunit obligasyon niyang usalin ang alinmang isa sa mga iyon, at alinsunod sa anumang direksiyong dapat sundin sa pag-usal niyon."**[18]

At siya ay nagpatuloy:

**"Itong mga dalanging katungkulang isagawa araw-araw, kasama ng ilan pa, tulad ng Dalangin sa Pagpapagaling, ang Tableta ni Aḥmad, ay pinagkalooban ni Bahá'u'lláh ng isang tanging bisa at katuturan, at samakatwid ay dapat tanggaping gayon at usalin ng mga mananampalataya taglay ang walang-alinlangang pananalig at pagtitiwala, nang sa pamamagitan ng mga iyon ay makapapasok sila sa higit na matalik na pakikipagniig sa Diyos, at higit nilang masusunod ang Kaniyang mga batas at mga turo."**[19]

Ang tatlong dalanging katungkulang isagawa na ipinahayag ni Bahá'u'lláh ay inuusal nang indibidwal. Ang uri ng dalanging pangkongregasyon kung saan ang dalanging katungkulang isagawa arawa-araw ay inuusal sa isang grupo sang-ayon sa tanging ritwal ay

hindi matatagpuan sa Pananampalatayang Bahá'í. Ang Dalangin para sa Yumao ay ang tanging dalanging pangkongregasyon na iniutos sa batas ng Bahá'í. Bago ilibing ang yumao, kailangan itong usalin ng isa sa mga naroroon, habang ang ibang mga nasa grupo ay tahimik na nakatayo.

1. Ano ang ibig sabihin ng salitang "katungkulan"? ______________________________

______________________________________________________________________

2. Ilan ang ipinahayag ni Bahá'u'lláh na mga dalanging katungkulang isagawa araw-araw? ______________________________________________________________

3. Dapat ba nating bigkasin ang lahat ng tatlong dalanging ito araw-araw? __________

4. Kung nagpasiya tayong gamitin ang Mahabang Dalanging Katungkulang Isagawa, ilang beses ba dapat gawin ito sa isang araw? _________________________________

5. Ilang beses kung ang ating pinili ay ang Katamtamang Dalanging Katungkulang Isagawa? _________________________________________________________

6. Ilang beses kung ang ating pinili ay ang Maikling Dalanging Katungkulang Isagawa?

______________________________________________________________________

7. Banggitin ang ilan sa mga dalanging may tanging lakas: ________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

8. Isaulo, kung hindi mo pa nagagawa ito, ang Maikling Dalanging Katungkulang Isagawa:

**"Saksi ako, O aking Diyos, na nilalang Mo ako upang kumilala sa Iyo at sumamba sa Iyo. Sumasaksi ako, sa sandaling ito, sa aking kawalang-lakas at sa Iyong kapangyarihan, sa aking karukhaan at sa Iyong kayamanan.**

**"Walang iba pang Diyos liban sa Iyo, ang Tulong sa Panganib, ang Sariling-Ganap."**[20]

9. Ano ang sinasaksihan natin sa dasal na ito? ________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 10

Dapat nating tandaan na, bukod pa sa mga biyayang natatanggap natin mula sa pagsunod sa batas ng dalanging katungkulang isagawa at ang sustansiyang natatamo natin mula sa indibidwal na pag-usal ng iba pang mga dalangin, umaangat ang ating mga kaluluwa kapag nakikinig tayo sa mga dalanging inuusal sa mga pagtitipon, malaki man o maliit. Sinabi sa atin ni Bahá'u'lláh na:

> **"Magtipun-tipon kayo sa sukdulang kagalakan at mabuting samahan at bigkasin ang mga bersikulong ipinahayag ng mahabaging Panginoon. Sa paggawa niyon ang mga pinto ng tunay na kaalaman ay magbubukas sa inyong panloob na mga sarili, at sa gayon madarama ninyong pinagkalooban ang inyong mga kaluluwa ng katatagan at ang inyong mga puso ng nagniningning na kaligayahan."**[21]

Lahat tayo ay lubos na naliligayahan mula sa kaalaman na, sa buong daigdig, ang mga pagtitipon upang manalangin kung saan ang mga magkakaibigan at mga magkakapitbahay ay nagsasama-sama upang makipagniig sa Diyos ay dumarami nang libo-libo. Isinulat ng Universal House of Justice na:

> **"Ang mga devotional meeting ay mga tagpo kung saan ang sinumang kaluluwa ay makapapasok, malalanghap ang makalangit na mga halimuyak, madaranasan ang katamisan ng pagdarasal, makapagninilay-nilay sa Mapaglikhang Salita, matatangay sa mga bagwis ng espiritu, at makikipagniig sa iisang Minamahal. Ang mga damdamin ng mabuting samahan at nagkakaisang kapakanan ay nalilikha, lalo na sa higit na espiritwal na mga pag-uusap na likas na nagaganap sa gayong mga oras at sa pamamagitan niyon ang 'lungsod ng puso ng tao' ay nabubuksan."**[22]

Kapag nadarama nating nais nating magdasal, nananahimik tayo sandali upang linisin mula sa ating mga isipan ang mga bagay ng daigdig na ito. Habang nagdarasal, pinananatili nating nakatuon sa Diyos ang ating mga isipan. Pagkatapos nating usalin ang mga dalangin, nananatili tayong tahimik nang ilang sandali at hindi biglang nagsisimula ng ibang gawain. Gayundin ang totoo kapag nakikinig tayo sa mga dasal na iniaalay ng mga iba sa isang pagtitipon. Sa gayong mga pagkakataon, pinananatili natin ang madasaling saloobin at maingat na sinusundan ang mga salita, na parang tayo ang umuusal ng mga ito.

1. Sa anong diwa tayo dapat magtipon kapag inuusal ang mga bersikulo ng Diyos? ___

   ______________________________________________________________

2. Ano ang magiging bunga ng ating pagtitipon upang usalin ang mga bersikulo ng Diyos? ______________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

3. Ang mga devotional meeting ay mga tagpo kung saan ang sinumang kaluluwa ay

   – _________ ,

– ________________________________________ ,

– ________________________________________ ,

– ________________________________________ ,

– ________________________________________________________ , at

– ________________________________________________________ .

4. Anong mga damdamin ang nalilikha sa mga devotional meeting? ______________

____________________________________________________________________

5. Ano ang ibinubunga ng higit na espiritwal na mga pag-uusap na likas na nagaganap sa mga devotional meeting? ____________________________________________

____________________________________________________________________

6. Sumulat ng ilang pangungusap tungkol sa mapitagang saloobin na dapat nating ipamalas kapag nagdarasal, maging nag-iisa man o sa isang pagtitipon.

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

____________________________________________________________________

## BAHAGI 11

Ang unang yunit ng aklat na ito ay nagtuon ng pansin sa kaugalian ng araw-araw na pagbasa ng mga sipi mula sa mga Kasulatan at ang pagninilay-nilay sa mga kahulugan nito. Nagnilay-nilay kayo rito sa kahalagahan ng pampamayanang pagsamba. Ang lahat ng iyong napag-aralan na ay naghanda sa iyo upang isagawa, kung iyong nanaisin, ang unang gawain sa landas ng paglilingkod: ang magdaos ng devotional meeting bilang punong-abala.

Bilang unang hakbang, maaaring nanaisin mong isaulo ang ilang dasal at humanap ng pagkakataon upang maibahagi ang mga ito sa ilang kaibigan. Kasabay niyon, maaari mong tiyaking makadalo ka sa isa man lamang na devotional meeting sa iyong pamayanan at mapabilang sa masiglang mga tagapagtaguyod nito. Sa kalaunan, kung gayon, ay maaari mong ipasiya na maging punong-abala ng isang devotional meeting, sa pag-anyaya sa iyong mga kaibigan, mga kapamilya, at mga kapitbahay upang magtipon nang regular para sa dasal at mabuting samahan. Madalas na ang dalawa o tatlong mga kalahok ng kursong ito ay sama-samang nagsisimula ng gayong devotional meeting.

Tulad ng inyong inaakala, walang mga pormula sa kung paano isinasaayos ang devotional meeting. Subalit malinaw na ito ay isang pagtitipon ng mga magkakaibigan kung saan nag-aalay ng mga dasal, binabasa ang mga sipi mula sa mga Kasulatan, at nagaganap ang nakapagpapasiglang mga usapan—lahat ay sa isang kapaligirang lubos na espiritwal. Maaari ba kayong magbigay ng ilang pangungusap tungkol sa bawat isa sa sumusunod na mga ideya, kaugnay ng pagdaraos ng isang devotional meeting bilang punong-abala?

Pagbibigay ng marubdob at nagmamahal na mga paanyaya: ____________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Paglilikha ng kapaligirang malugod na tumatanggap: ____________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Pagpapanatili ng diwa ng pamimitagan: ____________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Pagtataguyod ng maligaya at mabuting samahan: ____________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Paghihimok sa mga usaping nakapagpapasigla sa espiritwal: ____________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

____________________________________________________________

# MGA REPERENSIYA


1. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), XLIII, par. 4, p. 105.

2. Bahá'u'lláh, in *Trustworthiness: A Compilation of Extracts from the Bahá'í Writings* [Pagkamapagkakatiwalaan: Isang Kalipunan ng mga Sipi mula sa mga Kasulatang Bahá'í], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (London: Bahá'í Publishing Trust, 1987), no. 21, p. 5.

3. *The Call of the Divine Beloved: Selected Mystical Works of Bahá'u'lláh* [Ang Panawagan ng Banal na Minamahal] (Haifa: Bahá'í World Centre, 2018), no. 2.43, p. 31.

4. From a talk given on 5 May 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by 'Abdu'l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* [Ang Pamamahayag ng Pandaigdigang Kapayapaan: Mga Talumpating Ibinigay ni 'Abdu'l-Bahá sa Kaniyang Pagdalaw sa Estados Unidos at Canada noong 1912] (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2012), p. 127.

5. Bahá'u'lláh, *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2003, 2012 printing), Arabic no. 13, pp. 6–7.

6. From a letter dated 8 December 1935 written on behalf of Shoghi Effendi, published in *Prayer and Devotional Life: A Compilation of Extracts from the Writings of Bahá'u'lláh, the Báb, and 'Abdu'l-Bahá and the Letters of Shoghi Effendi and the Universal House of Justice* [Dasal at Mapanalanging Pamumuhay: Isang Kalipunan ng mga Halaw mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh, ng Báb, at ni 'Abdu'l-Bahá at mga Liham ni Shoghi Effendi at ng Universal House of Justice], compiled by the Research Department of the Universal House of Justice (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2019), no. 71, p. 31.

7. Words of 'Abdu'l-Bahá, cited by J. E. Esslemont, *Bahá'u'lláh and the New Era: An Introduction to the Bahá'í Faith* [Si Bahá'u'lláh at ang Bagong Panahon] (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2006, 2017 printing), p. 106.

8. Ibid.

9. Bahá'u'lláh, in *Bahá'í Prayers: A Selection of Prayers Revealed by Bahá'u'lláh, the Báb, and 'Abdu'l-Bahá* [Mga Dalanging Bahá'í: Katipunan ng mga Piling Dalanging Ipinahayag nina Bahá'u'lláh, ng Báb, at ni 'Abdu'l-Bahá] (Wilmette: Bahá'í Publishing Trust, 2002, 2017 printing), pp. 7–8.

10. Ibid., p. 9.

11. Words of 'Abdu'l-Bahá, cited in *Star of the West* [Bituin ng Kanluran], vol. 8, no. 4 (17 May 1917), p. 41.

12. *Gleanings from the Writings of Bahá'u'lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh], CXXXVI, par. 2, p. 334; also in *Bahá'í Prayers*, p. iii.

13. Bahá'u'lláh, in *Bahá'í Prayers* [Mga Dalanging Bahá'í], pp. 8–9.

14. Ibid., p. 12.

15. 'Abdu'l-Bahá, in *Prayer and Devotional Life* [Dasal at Mapanalanging Pamumuhay], no. 24, p. 7.

16. From a talk given by 'Abdu'l-Bahá on 5 August 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace* [Ang Pamamahayag ng Pandaigdigang Kapayapaan], p. 345.

17. *Selections from the Writings of 'Abdu'l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni 'Abdu'l-Bahá] (Wilmette: Bahá'í Publishing, 2010, 2015 printing), no. 22.1, pp. 75–76.

18. From a letter dated 10 January 1936 written on behalf of Shoghi Effendi, published in *Prayer and Devotional Life* [Dasal at Mapanalanging Pamumuhay], no. 61, p. 25.

19. From a letter dated 10 January 1936 written on behalf of Shoghi Effendi, quoted in *Bahá'í Prayers* [Mga Dalanging Bahá'í], p. 301.

20. Bahá'u'lláh, in *Bahá'í Prayers* [Mga Dalanging Bahá'í], p. 4.

21. Bahá'u'lláh, in *Prayer and Devotional Life* [Dasal at Mapanalanging Pamumuhay], no. 68, p. 29.

22. From a message dated 29 December 2015, published in *Framework for Action: Selected Messages of the Universal House of Justice and Supplementary Material, 2006–2016* [Balangkas para sa Pagkilos: Piniling mga Mensahe ng Universal House of Justice at Karagdagang mga Basasahin, 2006-2016] (West Palm Beach: Palabra Publications, 2017), no. 35.49, p. 232.



# Buhay at Kamatayan

## Layunin

Upang mapahalagahan na ang buhay ay hindi lamang binubuo ng mga pagbabago at mga pagkakataon sa daigdig na ito bagkus ay matatagpuan ang tunay na kahalagahan nito sa pag-unlad ng kaluluwa.

## BAHAGI 1

Ang kaluluwa ng tao ay higit na dakila kaysa sa anumang bagay at sa pisikal na daigdig. Sa isa sa Kaniyang mga talumpati, ipinaliwanag ni ‘Abdu’l-Bahá na:

> **“Ang mga katawang materyal na ito ay binubuo ng mga atomo; sa oras na ang mga atomong ito ay magsimula nang maagnas, siya nang pagsapit ng tinatawag na kamatayan.…**
>
> **“Sa kaluluwa, iba ang pangyayari. Ang kaluluwa ay hindi isang kombinasyon o pagsasama ng mga sangkap, hindi ito binubuo ng maraming atomo. Ito’y isa lamang sustansiyang hindi nahahati, samakatwid ay walang hanggan. Ito’y lubos na labas sa hanay ng nilikhang katawan; ito’y walang kamatayan!”[1]**

1. Ano ang ibig sabihin ng “binubuo”? ____________________________________

2. Ang kaluluwa ng tao ay binubuo ba ng iba’t ibang elemento, tulad ng mga katawang materyal? ____________________________________________________________

3. Ang kaluluwa ng tao ay isa bang pisikal na bagay? __________________________

## BAHAGI 2

Sinasabi sa isang liham na isinulat sa ngalan ng Guardian na “ang kaluluwa ng tao ay nagsisimula ng pag-iral sa paglilihi.”[2] Sa pagtugon sa isang katanungan ukol sa kahulugan ng “paglilihi,” sinabi ng Universal House of Justice na:

> **“Walang matagpuan sa mga Kasulatang Bahá’í na tiyak na nagtatakda sa sandaling pambiyolohiya at sa likas na katangian ng pangyayaring tinaguriang ‘paglilihi’. Ang paggamit ng termino sa konteksto ng medisina ay waring hindi rin tiyak. Sa katunayan, ang isang pag-unawa sa paglilihi ay kasabay ito ng ‘fertilization’[1]; ang isa pang [pag-unawa] ay nagaganap ito pagkatapos ng fertilization at implantation,[2] sa simula ng pagbubuntis. Sa gayon ay maaaring hindi posibleng malaman kung kailan nagaganap ang ugnayan ng kaluluwa sa materyal na anyo, at ang gayong mga katanungan ay maaaring hindi malulutas ng kaisipan ng tao o ng pagsasaliksik yamang nauugnay ang mga ito sa mga hiwaga ng espiritwal na daigdig at sa mismong likas na katangian ng kaluluwa.”[3]**

1. Kailan nagsisimulang umiral ang kaluluwa ng tao? __________________________

   ____________________________________________________________________

---

[1] Ang pagpasok ng semilya ng lalaki sa binhi ng babae.
[2] Ang pagkapit ng pinagsamang semilya at binhi sa sinapupunan.

2. Ang salitang “paglilihi” ay tumutukoy ba sa isang tiyak na sandaling pambiyolohiya?

______________________________________________

## BAHAGI 3

Ang ugnayan sa pagitan ng kaluluwa at ng katawan ay hindi materyal; ang kaluluwa ay hindi pumapasok o lumalabas sa katawan at wala itong pisikal na kinaroroonan. Ang ugnayan nito sa katawan ay maihahalintulad sa ugnayan ng liwanag sa salamin kung saan nalalarawan ito. Ang liwanag na lumilitaw sa salamin ay wala sa loob nito. Sa gayunding paraan, ang kaluluwa ay wala sa loob ng katawan. Tulad ng sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá,

> **“Ang nakapangangatwirang kaluluwa, o ang espiritu ng tao, ay hindi umiiral sa katawang ito dahil sa likas nito—ang ibig sabihin ay hindi ito pumapasok dito; dahil ang likas nito at ang pagpasok ay mga katangian ng mga katawan, at ang nakapangangatwirang kaluluwa ay malaya mula rito. Sa simula pa lang ay hindi naman ito pumasok sa katawang ito, nang sa gayon, sa paglisan nito ay mangangailangan ito ng ibang paglalagian. Hindi, ang ugnayan ng espiritu sa katawan ay katulad ng ugnayan nitong lampara sa salamin. Kapag ang salamin ay makintab at ganap, ang liwanag ng lampara ay lilitaw roon, at kapag ang salamin ay mawasak o matakpan ng gabok, ang liwanag ay nananatiling natatago.”[4]**

1. Punuan ang mga patlang sa mga pangungusap sa ibaba.

   a. Ang nakapangangatwirang kaluluwa, o ang ______________________ , ay hindi umiiral sa katawan dahil sa likas nito—ang ibig sabihin ay hindi ito ________________________ .

   b. Ang __________________ , o ang espiritu ng tao, ay hindi pumapasok sa katawan ng tao; dahil ang likas nito at ang pagpasok ay ______________________________ , at ang nakapangangatwirang kaluluwa ay _______________________________ .

   c. Sa simula pa lang ang kaluluwa ay hindi naman _______________________ nang sa gayon, sa paglisan nito ay mangangailangan ito ng _______________________ .

   d. Ang ugnayan ng espiritu sa katawan ay katulad ng ugnayan ng ____________ __________________ .

   e. Kapag ang salamin ay makintab at ganap, ____________________________ ay lilitaw roon.

f. Kapag ang salamin ay mawasak o matakpan ng gabok, ______________________

________________ .

2. Batay sa napag-aralan na natin hanggang sa ngayon, ipasiya kung ang sumusunod ay totoo:

_____ Ang kaluluwa ay hindi bahagi ng pisikal na daigdig.

_____ Ang kaluluwa ay nasa loob ng katawan.

_____ Ang katawan ang may-ari ng kaluluwa.

_____ Ang kaluluwa ay hindi namamatay.

_____ Ang indibidwal ay nagsisimula sa kaniyang pag-iral sa pagkakataong iniuugnay ng kaluluwa ang sarili nito sa binhi.

_____ Ang buhay ay nagsisimula sa pagsilang ng indibidwal sa daigdig na ito.

_____ Nagpapatuloy ang materyal na pag-iral ng indibidwal pagkatapos niyang mamatay.

_____ Ang buhay ay binubuo ng mga bagay na nangyayari sa atin sa araw-araw.

3. Gamitin ang larawan ng liwanag at ng salamin upang ilarawan ang ugnayan sa pagitan ng kaluluwa at ng katawan: ________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 4

May bukod-tanging ugnayan sa pagitan ng kaluluwa at ng katawan, na magkasamang bumubuo ng tao. Ang ugnayang ito ay tumatagal lamang sa kahabaan ng buhay ng tao. Kapag nagwawakas na ang ugnayan sa pagitan nila, ang bawat isa ay bumabalik sa pinanggalingan nito—ang katawan sa daigdig ng alabok at ang kaluluwa sa espiritwal na mga daigdig ng Diyos, kung saan ito ay patuloy na umuunlad. Sinabi ni ‘Abdu’l-Bahá:

> **“Ang espiritu ng tao ay may simula subalit wala itong katapusan: Ito’y namamalagi magpakailanman.”**[5]

Sa isa sa Kaniyang mga panayam, nilinaw niya:

> **“Ang kaluluwa ay hindi nangangailangan ng isang katawan, ngunit ang katawan ay nangangailangan ng kaluluwa, kung hindi’y hindi ito mabubuhay. Ang kaluluwa ay maaaring mabuhay nang walang katawan, ngunit ang katawan, kung walang kaluluwa ay mamamatay.”**[6]

At ipinaliwanag ng Guardian:

**"Tungkol sa kaluluwa ng tao: Sang-ayon sa mga Katuruang Bahá'í ang kaluluwa ng tao ay nagsisimula sa pagkabuo ng binhi ng tao, at patuloy itong umuunlad at dumadaan sa walang-katapusang mga yugto ng pag-iral pagkatapos ng paghihiwalay nito sa katawan. Ang pag-unlad nito, kung gayon, ay walang-hanggan."**[7]

1. Habang isinasaisip ang mga sipi sa itaas, sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

   a. Ang katawan ba ay nangangailangan ng kaluluwa? ________________________

   b. Ang kaluluwa ba ay nangangailangan ng katawan? ________________________

   c. Ano ang nangyayari sa ugnayan sa pagitan ng katawan at ng kaluluwa kapag namatay tayo? ________________________________________________

   d. Ano ang nangyayari sa kaluluwa pagkatapos mamatay ang tao? ______________
   ________________________________________________________________

   e. Gaano katagal nagpapatuloy ang pag-unlad ng kaluluwa? ___________________
   ________________________________________________________________

   f. Kailan nagwawakas ang buhay? ________________________________________
   ________________________________________________________________

2. Ipasiya kung alin sa mga sumusunod ang sang-ayon sa pinag-aralan natin sa mga bahaging ito:

   ______ Ang kamatayan ay isang parusa.

   ______ Ang ugnayan sa pagitan ng katawan at ng kaluluwa ay tumatagal lamang sa kahabaan ng buhay ng tao.

   ______ Ang katawan ay maaaring umunlad magpakailanman.

   ______ Ang kaluluwa ay uunlad magpakailanman.

   ______ Ang kamatayan ay ang wakas ng buhay.

   ______ Magkakaroon ng araw ng paghuhukom kung kailan babangon ang ating mga katawan.

   ______ Sa kamatayan, ang kaluluwa ay nagkakaroon ng higit na kalayaan kaysa sa rati.

   ______ Ang buhay ay nagwawakas sa kamatayan.

   ______ Dapat tayong matakot sa kamatayan.

   ______ Ang pagkain, mga damit, pamamahinga, at libangan ay kinakailangan ng kaluluwa.

   ______ Ang kaluluwa ay napapagod habang ginagamit ng katawan ang lakas nito.

______ Ang kaluluwa ay hindi apektado ng sakit o ng kahinaan ng katawan.

______ Ang tao ay magkakaroon pa rin ng mga pangangailangang pisikal pagkatapos niyang mamatay.

## BAHAGI 5

Nalaman nating ang kaluluwa ay hindi lumalagay sa pisikal na lugar at hindi kumikilos sang-ayon sa mga batas ng kalikasan, na sumasaklaw sa mga kabagayang materyal. Ang kaluluwa ay nagkakaroon ng impluwensiya sa daigdig sa pamamagitan ng katawan, subalit hindi ito ang tanging paraan ng paggamit ng kaluluwa sa mga kapangyarihan nito. Sinabi ni Bahá'u'lláh:

**"Sa katunayan, sinasabi Ko, ang kaluluwa ng tao ay higit na mataas sa lahat ng pagsulong at pag-urong. Ito ay di-kumikilos, ngunit ito ay pumapailanlang; ito ay kumikilos, ngunit ito ay di-gumagalaw."**[8]

At sinabi ni 'Abdu'l-Bahá sa atin:

**"Alamin na ang pag-impluwensiya at ang pang-unawa ng espiritu ng tao ay may dalawang paraan ng pagkilos at pag-unawa. Ang isang paraan ay sa pamamagitan ng paggamit ng mga instrumento at mga bahagi ng katawan. Sa gayon ay nakakikita ito sa pamamagitan ng mata, nakaririnig sa pamamagitan ng tainga, nakapagsasalita sa pamamagitan ng dila.…**

**"Ang isa pang paraan ng pag-impluwensiya at pagkilos ng espiritu ay hindi gamit ang mga instrumento at mga bahagi ng katawan."**[9]

1. Punuan ang mga patlang sa sumusunod na mga pangungusap:

   a. Ang kaluluwa ng tao ay higit na mataas sa lahat ng ___________ at ___________ .

   b. Ito ay ___________ , ngunit ito ay ___________ .

   c. Ito ay ___________ , ngunit ito ay ___________ .

2. Ilarawan ang dalawang paraan ng pag-unawa at pag-impluwensiya ng kaluluwa sa daigdig na ito:______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Makapagbibigay ka ba ng mga halimbawa ng pag-impluwensiya at pagkilos ng kaluluwa nang hindi gamit ang mga instrumento ng katawan? ________________

   ______________________________________________

## BAHAGI 6

Ngayon, habang isinasaalang-alang ang talakayan sa naunang mga bahagi, basahin ang sumusunod na sipi mula sa mga Kasulatan ni Bahá'u'lláh:

> **"Dapat mong malaman na ang kaluluwa ng tao ay higit na mataas sa saklaw, at malaya sa lahat ng kapansanan ng katawan o isipan. Na nagpapakita ang taong maysakit ng mga tanda ng panghihina ay dahilan sa mga balakid na inihaharang ang sarili nito sa pagitan ng kaniyang kaluluwa at ng kaniyang katawan, sapagkat ang kaluluwa mismo ay nananatiling hindi tinatalaban ng anumang kapansanan ng katawan. Isipin ang liwanag ng lampara. Kahiman ang isang panlabas na bagay ay maaaring makasagabal sa liwanag nito, ang liwanag mismo ay patuloy na sumisikat nang hindi nababawasan ang lakas. Sa gayunding paraan, ang bawat karamdamang nagpapahirap sa katawan ng tao ay isang balakid na humahadlang sa kaluluwa upang maipakilala ang likas nitong kapangyarihan at lakas. Subalit sa paglisan nito sa katawan, magpapakita ito ng gayong pangingibabaw, at magbubunyag ng gayong impluwensiya na walang puwersa sa daigdig ang makapapantay. Bawat dalisay, bawat pino at banal na kaluluwa ay pagkakalooban ng napakatinding kapangyarihan, at magsasaya sa labis na kagalakan."[10]**

1. Ipaliwanag sa sarili mong mga salita kung paanong hindi tinatalaban ang kaluluwa ng mga kahinaan ng katawan o isipan, at kung ano ang maibubunyag kapag nilisan na nito ang katawan.

2. Mananatili ba ang ating sariling pagkakakilanlan pagkamatay ng ating pisikal na katawan? ______

## BAHAGI 7

Sinabi ni Bahá'u'lláh sa atin:

**"At ngayon, tungkol sa iyong katanungan tungkol sa kaluluwa ng tao at ang patuloy na pag-iral nito pagkatapos ng kamatayan. Alamin mo ang katotohanang ang kaluluwa, matapos ang paghiwalay nito sa katawan, ay magpapatuloy sa pag-unlad hanggang sa marating nito ang kinaroroonan ng Diyos, sa isang katayuan at kalagayan na hindi mababago ng pag-inog ng mga panahon at mga dantaon, ni ng mga pagbabago at mga pagkakataon sa daigdig na ito. Mananatili ito hanggang umiiral ang Kaharian ng Diyos, ang Kaniyang paghahari, at ang Kaniyang pamamahala at lakas. Ipakikita nito ang mga palatandaan ng Diyos at ang Kaniyang mga katangian, at ihahayag ang Kaniyang masuyong kabutihan at biyaya."**[11]

1. Gaano katagal magpapatuloy ang pag-unlad ng kaluluwa ng tao pagkatapos ng pisikal na kamatayan? ______________________________

   ______________________________

2. Sa anong kalagayan magpapatuloy ang walang-katapusang paglalakbay ng kaluluwa patungo sa kinaroroonan ng Diyos? ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

3. Ano ang ilan sa mga palatandaan at mga katangiang ihahayag ng kaluluwa sa kalagayang iyon? ______________________________

   ______________________________

   ______________________________

4. Batay sa ating napag-aralan na hanggang dito, ipasiya kung totoo ang mga sumusunod:

   _____ Ang Kaharian ng Diyos ay mananatili magpakailanman.

   _____ Ang kaluluwa ay may kakayahang ihayag ang mga katangian ng Diyos.

   _____ Ang mga dalanging inuusal natin para sa mga yumao ay walang epekto sa pag-unlad ng kanilang mga kaluluwa.

   _____ Ang kaluluwa ay hindi humihinto sa pag-iral.

## BAHAGI 8

Sinabi ni Bahá'u'lláh:

**"Iyong alamin na ang bawat taingang nakaririnig, pinanatiling dalisay at walang-bahid, ay kailangang marinig, sa lahat ng panahon at mula sa lahat ng dako, ang tinig na umuusal nitong banal na mga salita: 'Tunay na kami ay sa Diyos, at sa Kaniya kami babalik'. Ang mga hiwaga ng pisikal na kamatayan ng tao at ng kaniyang pagbabalik ay hindi isiniwalat, at nananatili pa ring hindi nababasa.…**

**"Ang kamatayan ay nag-aalay sa bawat nagtitiwalang mananampalataya ng kopa ng tunay na buhay. Ito ay nagkakaloob ng kaligayahan, at nagdadala ng tuwa. Iginagawad nito ang kaloob ng walang-hanggang buhay.**

**"Kaugnay naman nilang mga natikman na ang bunga ng makalupang buhay ng tao, na iyon ay ang pagkilala sa iisang tunay na Diyos, dakilain nawa ang Kaniyang kaluwalhatian, ang kanilang buhay sa kabilang daigdig ay gayon na lamang na hindi Namin kayang ilarawan. Ang kaalaman niyon ay tanging nasa Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig."[12]**

**"O Anak ng Kataas-taasan! Ginawa Ko ang kamatayan na isang tagapaghatid ng tuwa sa iyo. Sa anong dahilan at ika'y nagdadalamhati? Ginawa Ko ang liwanag na magsabog sa iyo ng kaniyang luningning. Bakit mo nilalambungan ang iyong sarili?"[13]**

1. Alin sa sumusunod na mga pangungusap ang totoo?

   ______ Ang kaluluwa ng tao ay nagbuhat sa Diyos at babalik ito sa Kaniya.

   ______ Ang lahat ng kaalaman ukol sa buhay pagkaraan ng kamatayan ay nasa Diyos.

   ______ Para sa mananampalatayang buo ang pananalig, ang kamatayan ay buhay.

   ______ Ang kamatayan ay nagdadala ng kaligayahan.

   ______ Ang mga hiwaga ng kamatayan ay alam ng lahat.

   ______ Dapat nating pahalagahan ang mga biyaya ng buhay subalit huwag tayong matakot sa kamatayan, dahil ito ay tagapaghatid ng tuwa.

   ______ Hindi mahalaga para sa atin ang malaman ang tungkol sa buhay pagkaraan ng kamatayan.

2. Ngayon, habang isinasaisip ang pinag-aralan natin sa mga bahaging ito, sumulat ng isang maikling parapo tungkol sa buhay, kamatayan, katawan at kaluluwa.

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 9

Ipinaliwanag ni 'Abdu'l-Bahá na:

**"Sa simula ng kaniyang buhay ang tao ay nasa daigdig ng sinapupunan, kung saan ay pinaunlad niya ang kakayahan at ang pagiging karapat-dapat na sumulong sa daigdig na ito. Ang mga kapangyarihang kinakailangan para sa daigdig na ito ay natamo niya sa daigdig na iyon. Kailangan niya ang mga mata sa daigdig na ito; natamo niya ang mga iyon sa daigdig ng sinapupunan. Kailangan niya ng mga tainga sa daigdig na ito; natamo niya ang mga iyon doon. Ang lahat ng mga kapangyarihang kinakailangan sa daigdig na ito ay natamo niya sa daigdig ng sinapupunan. Sa daigdig na iyon ay inihanda siya para sa daigdig na ito, at nang lumabas siya sa daigdig na ito nakita niyang taglay na niya ang lahat ng mga kapangyarihang kinakailangan at natamo na ang lahat ng mga bisig at mga bahaging kinakailangan para sa buhay na ito, sa daigdig na iyon. Samakatwid sa daigdig na ito rin ay kailangan niyang maghanda para sa kasunod na daigdig. Yaong kinakailangan niya sa daigdig ng Kaharian ay dapat niyang matamo at ihanda rito. Tulad rin ng pagtamo niya ng mga kapangyarihang kinakailangan para sa sa daigdig na ito mula sa daigdig ng sinapupunan, sa gayunding paraan, dapat niyang matamo yaong kakailanganin niya sa daigdig ng Kaharian—ang ibig sabihin ay ang lahat ng mga kapangyarihang makalangit—sa daigdig na ito."**[14]

1. Ipasiya kung ang mga sumusunod ay totoo o hindi:

______ Ang lahat ng mga kapangyarihang kinakailangan para sa daigdig na ito ay natatamo sa daigdig ng sinapupunan.

______ Walang pangangailangan sa paghahanda ng sarili para sa kabilang buhay.

______ Ang kakailanganin natin sa daigdig ng Kaharian ay dapat matamo roon.

______ Ang layunin ng buhay na ito ay upang makamtan ang mga kapangyarihang kinakailangan para sa kabilang buhay.

______ Ang tunay na buhay ay nagsisimula kapag namatay na ang tao at pumupunta na sa Kaharian.

_____ Ang tunay na buhay ay nagsisimula sa daigdig na ito at nagpapatuloy pagkatapos ng pisikal na kamatayan.

2. Ano ang ilan sa mga kakayahang natatamo ng tao sa daigdig ng sinapupunan? ____

______________________________________________________________

3. Ano ang ilan sa mga katangiang dapat makamtan dito para sa kabilang buhay?

______________________________________________________________

______________________________________________________________

## BAHAGI 10

Ipinahayag ni Bahá'u'lláh na:

**"Ang buong tungkulin ng tao sa Araw na ito ay ang matamo yaong bahagi ng pagbaha ng pagpapala na ibinubuhos ng Diyos para sa kaniya. Kung gayon, huwag tulutang isaalang-alang ng sinuman ang kalakihan o kaliitan ng sisidlan. Ang bahagi ng ilan ay maaaring magkahusto sa palad ng isang kamay ng tao, ang bahagi ng iba ay maaaring pumuno sa isang tasa, at ang sa iba naman ay kahit isang galon."**[15]

1. Kaugnay ng sipi sa itaas, sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

   a. Ano ang tungkulin ng bawat indibidwal sa Araw na ito? ____________________

   ______________________________________________________________

   b. Ano ang ilan sa mga biyayang natanggap mo mula sa Diyos? ________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   c. Ano ang tinutukoy ng salitang "sisidlan" sa sipi sa itaas? ___________________

   ______________________________________________________________

   d. Bakit hindi natin dapat isaalang-alang "ang kalakihan o kaliitan" ng kakayahang ipinagkaloob sa atin? ________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   ______________________________________________________________

   e. Ano ang ilan sa mga bagay na humahadlang sa pagtanggap natin sa ating bahagi ng pagpapala ng Diyos?_________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

__________________________________________________________

2. Alin sa mga sumusunod ang totoo?

_____ Ang "kalakihan o kaliitan" ng ating kakayahan ay tumutukoy sa ating katalinuhan.

_____ Upang makapaglingkod sa Diyos, kailangan nating limutin ang ating mga kahinaan at ilagay ang ating buong tiwala sa Kaniya.

_____ Kapag hindi natin pinaunlad sa daigdig na ito ang mga kakayahang ipinagkaloob ng Diyos sa atin, ang ating mga kaluluwa ay magiging mahina sa pagdating natin sa kabilang buhay.

## BAHAGI 11

Sinabi ni Bahá'u'lláh:

**"Tinanong mo sa Akin ang tungkol sa likas na katangian ng kaluluwa. Alamin sa katunayan, na ang kaluluwa ay isang palatandaan ng Diyos, isang makalangit na hiyas na ang realidad nito ay nabigong maunawaan ng pinakamarurunong na mga tao at ang misteryo nito ay hindi maaasahang matarok ng talino, anupaman ang talas nito. Ito ang una sa lahat ng mga nilalang na bagay na nagpahayag ng sukdulang kagalingan ng Lumikha sa kaniya, ang unang nakaunawa sa Kaniyang kaluwalhatian, ang nangapit sa Kaniyang katotohanan, at ang yumuko sa pagsamba sa harapan Niya."[16]**

1. Punuan ang mga patlang sa sumusunod na mga pangungusap:

   a. Ang kaluluwa ay isang ________________ ng Diyos.

   b. Ang kaluluwa ay isang _____________________ na ang _____________ nito ay nabigong maunawaan ng pinakamarurunong na mga tao, at ang _____________ nito ay hindi maaasahang ___________, anupaman ang talas nito.

   c. Ang kaluluwa ay ____________________________________________________ na nagpahayag ng ____________________________________ .

   d. Ang kaluluwa ang unang __________________ sa kaluwalhatian ng Diyos.

   e. Ang kaluluwa ang unang __________________ sa katotohanan ng Diyos.

   f. Ang kaluluwa ang unang __________________ sa pagsamba sa harapan ng Diyos.

2. Alin sa mga sumusunod ang totoo?

______ Ang ibig sabihin ng "matarok" ay maunawaan.

______ Mula sa lahat ng nilikhang bagay, ang unang nakakikilala sa Diyos ay ang utak ng tao.

______ Ang ibig sabihin ng "talas" ay matalim.

______ Nauunawaan ng taong dalubhasa ang misteryo ng kaluluwa.

______ Ang dakilang mga pilosopo lamang ang makapagpapahayag sa kagalingan ng Diyos.

______ Hindi kailangang pag-isipan ang kaluluwa dahil hindi natin kailanman mauunawaan ito.

## BAHAGI 12

Sinabi ni Bahá'u'lláh:

**"Kayo ay tulad ng ibong lumilipad, sa buong puwersa ng malakas nitong mga bagwis at sa ganap at maligayang lakas-loob, sa kalawakan ng langit, hanggang, dahil sa pagkalam ng gutom, sabik itong bumaling sa tubig at luad ng mundong nasa ilalim nito, at yamang nasilo na sa lambat ng pagnanasa nito, natuklasan nitong wala na itong kakayahang ipagpatuloy pa ang paglipad nito patungo sa mga kahariang pinanggalingan nito. Walang kakayahang ipagpag ang nagpapabigat sa madungis nitong mga bagwis, ang ibong iyon, na dati-rati'y nananahan sa kalangitan, ay napilitan na ngayong humanap ng tirahan sa alabok. Samakatwid, O Aking mga tagapaglingkod, huwag dungisan ang inyong mga bagwis ng luad ng pagkasuwail at walang-kabuluhang mga hangarin, at huwag tulutang malahiran ang mga iyon ng alabok ng inggit at pagkamuhi, nang hindi kayo mapigilang pumailanlang sa mga kalangitan ng Aking banal na kaalaman."**[17]

1. Buuin ang mga pangungusap sa ibaba:

   a. Ang ibong tinutukoy ni Bahá'u'lláh sa siping ito ay ang ____________________ .

   b. Ang ibong ito ay nananahan sa ________________________________________ .

   c. Kapag ang mga bagwis nito ay nadungisan, ang ibon ay napipilitang humanap ng tirahan sa ____________________________________________________________ .

2. Ngayon ay sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

   a. Paano nagiging "madungis" ang mga "bagwis" ng kaluluwa? ________________

   ________________________________________________________________________

   ________________________________________________________________________

b. Tulad ng "tubig at luad ng mundo," ano ang ilan sa mga nagpapabigat sa mga bagwis ng kaluluwa? ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

c. Ano ang ilan sa mga bagay na makapipigil sa atin upang pumailanlang sa mga kalangitan ng banal na kaalaman? ____________________________

____________________________________________

____________________________________________

d. Bakit ipagpapalit ng kaluluwa ang makalangit nitong tahanan para sa alabok ng daigdig na ito? ____________________________________________

____________________________________________

____________________________________________

3. Ipasiya kung ang sumusunod na mga pangungusap ay totoo:

_____ Ang pangangapit sa makamundong mga bagay ay nakaaantala sa ating espiritwal na pag-unlad.

_____ Ang ating pagkasuwail at walang-kabuluhang mga hangarin ay nakapipigil sa atin upang pumailanlang sa mga kalangitan ng banal na kaalaman.

_____ Ang inggit at pagkamuhi ay natural na mga katangian ng tao at hindi nagpapabigat sa kaluluwa.

_____ Maaalis natin mula sa ating mga sarili ang mga nagpapabigat na pumipigil sa atin upang pumailanlang sa kalawakan ng mga kalangitan sa pamamagitan ng pagwalay natin sa ating mga sarili mula sa mga bagay ng mundong ito.

_____ Ang tahanan ng kaluluwa ay nasa mundong ito.

## BAHAGI 13

Sinabi ni Bahá'u'lláh:

**"Matapos lalangin ang daigdig at lahat ng nabubuhay at gumagalaw roon, sa pamamagitan ng tuwirang pagkilos ng Kaniyang di-mapipigil at makapangyarihang Kalooban, ay minabuti Niyang ipagkaloob sa tao ang bukod-tanging karangalan at kakayahang makilala Siya at mahalin Siya—isang kakayahang dapat kilalanin bilang simbuyong nagbibigay-buhay at pangunahing layuning pinagsasaligan ng buong kinapal.… Sa kaibuturang diwa ng bawat isa at lahat ng nilalang na bagay, ibinigay Niya ang liwanag ng isa sa Kaniyang mga pangalan, at ginawa itong tagatanggap ng kaluwalhatian ng isa sa Kaniyang mga katangian. Gayumpaman, sa diwa ng tao ay iniukol Niya ang kaningningan ng lahat ng Kaniyang mga pangalan at mga katangian, at ginawa itong salamin ng Kaniyang angking Sarili. Sa lahat ng mga nilikhang bagay, ang**

**tao lamang ang pinili para sa ganitong lubhang napakadakilang kagandahang-loob, lubhang walang-maliw na biyaya."**[18]

1. Punuan ang mga patlang sa ibaba:

   a. Minabuti ng Diyos na ipagkaloob sa tao ang bukod-tanging karangalan at kakayahang ________________________________ .

   b. Sa kaibuturang diwa ng _________ at ____________ ng nilalang na bagay, ibinigay ng Diyos ang liwanag ng ___________________________________ , at ginawa itong tagatanggap ng kaluwalhatian ng ____________________________ .

   c. Sa diwa ng tao ay iniukol Niya ang kaningningan ng _________________________ _______________ , at ginawa itong salamin __________________ .

2. Ngayon ay sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

   a. Makababanggit ka ba ng ilang mga katangian ng Diyos? ___________________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________

   b. Ano ang ilan sa mga katangian ng Diyos na maaaring maisalamin ng kaluluwa ng tao? ______________________________________________________________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________

   c. Paano maihahayag ang mga katangiang ito? _____________________________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________

   d. Para sa anong bukod-tanging kagandahang-loob pinili ang tao? _____________
   ____________________________________________________________________
   ____________________________________________________________________

3. Alin sa mga sumusunod ang totoo?

   _____ Ang tao ay hindi naiiba sa iba pang mga nilikha.

   _____ Ang kakayahang makilala ang Diyos at mahalin Siya ang simbuyong nagbibigay-buhay at pangunahing layuning pinagsasaligan ng buong kinapal.

   _____ Ang kaibuturang diwa ng lahat ng nilalang na bagay ang tagatanggap ng isa sa mga katangian ng Diyos.

_____ Maisasalamin ng kaluluwa ng tao ang lahat ng mga katangian ng Diyos.

## BAHAGI 14

Sinasabi ni Bahá’u’lláh sa atin:

**“Gayumpaman, itong mga lakas na ipinagkaloob ng Bituing Araw ng Banal na biyaya at Pinagmumulan ng makalangit na patnubay sa diwa ng tao ay natutulog sa loob niya, katulad rin ng apoy na natatago sa loob ng kandila at ng mga silahis ng ilaw na natatago ng ilawan. Ang kaningningan ng mga lakas na ito ay maaaring matabunan ng makamundong mga hangarin, tulad rin ng liwanag ng araw na maaaring maitago ng alabok at dumi na tumatabon sa salamin. Maging ang kandila man o ang ilawan ay hindi maaaring masindihan sa pamamagitan ng sarili lamang nilang pagsisikap, ni hindi kailanman magagawa ng salamin na linisin ang kaniyang sarili mula sa dumi nito. Malinaw at maliwanag na hangga’t hindi nasisindihan ang isang apoy, ang ilawan ay hindi kailanman iilaw, at hangga’t hindi pinupunasan ang dumi sa salamin, hindi nito maisasalamin ang araw o maipakikita ang liwanag at luwalhati nito.”**[19]

1. Ano ang kahulugan ng pariralang “natatago at tulog”? ________________________

_____________________________________________________________________

2. Ano ang ilan sa mga kapangyarihang natatago at tulog sa kaluluwa ng tao? ________

_____________________________________________________________________

_____________________________________________________________________

3. Anong kakayahan ang natatago sa lampara? ________________________________

4. Anong kakayahan ang natatago sa salamin? ________________________________

5. Ano ang kailangan mong gawin sa lampara upang makapagbigay ito ng liwanag? __

_____________________________________________________________________

6. Ano ang kailangan mong gawin sa salamin upang maisalamin nito ang liwanag? __

_____________________________________________________________________

7. Magagawa ba ng lampara at ng salamin na ilabas ang natatago nitong kakayahan sa sarili nitong pagsisikap lamang? ________________________________________

8. Paano natin maiuugnay itong dalawang halimbawa sa kalagayan ng kaluluwa ng tao?

_____________________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

9. Sino ang makapagpapalabas sa natatagong kakayahan ng kaluluwa ng tao? ________

______________________________________________________________

## BAHAGI 15

Sinabi ni Bahá'u'lláh:

**"Ang pinto sa kaalaman Niyang Napakatanda ay laging naging at patuloy na mananatiling, nakasara sa mukha ng mga tao. Ang pang-unawa ng sinumang tao ay hindi kailanman makaaabot sa Kaniyang banal na korte. Subalit, bilang tanda ng Kaniyang habag, at katibayan ng Kaniyang mapagmahal na pagkandili, inihayag Niya sa mga tao ang mga Bituing-Araw ng Kaniyang banal na pamamatnubay, ang mga Sagisag ng Kaniyang banal na pagkakaisa, at itinakda ang kaalaman nitong mga banal na Nilikha na maging katumbas ng kaalaman ng Kaniyang Sarili. Sinumang kumilala sa Kanila ay kumilala sa Diyos. Sinumang nakinig sa Kanilang panawagan ay nakinig sa Tinig ng Diyos, at ang sinumang sumaksi sa katotohanan ng Kanilang Rebelasyon ay sumaksi sa katotohanan ng Diyos mismo. Sinumang tumalikod sa Kanila ay tumalikod sa Diyos, at ang sinumang hindi nanalig sa Kanila ay hindi nanalig sa Diyos. Ang bawat isa sa Kanila ay ang Daan ng Diyos na nag-uugnay ng daigdig na ito sa mga kaharian sa kaitaasan, at ang Watawat ng Kaniyang Katotohanan sa bawat isang nasa kaharian ng kalupaan at kalangitan. Sila ang mga kahayagan ng Diyos sa mga tao, ang mga katibayan ng Kaniyang Katotohanan, at mga tanda ng Kaniyang kaluwalhatian."[20]**

1. Habang isinasaisip ang sipi sa itaas, sagutin ang sumusunod na mga katanungan:

   a. Maaari ba nating makilala ang Diyos nang tuwiran? ________________________

   b. Kung gayon ay paano nating makikilala ang Diyos? ________________________

   ______________________________________________________________

   c. Mababanggit mo ba ang ilang mga Bituing-Araw ng banal na pamamatnubay? _

   ______________________________________________________________

   d. Kaninong Tinig ang pinakinggan ng mga nakinig sa mga Kahayagan ng Diyos?

   ______________________________________________________________

   e. Kanino tayo tumatalikod kapag hindi natin pinapansin ang panawagan ng mga Kahayagan ng Diyos? ______________________________________________

2. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

a. Ang pinto sa kaalaman Niyang Napakatanda ay laging naging, at patuloy na mananatiling, ______________________________________________ .

b. Ang pang-unawa ng sinumang tao ay hindi kailanman makaaabot sa _________________________ .

c. Ipinadala ng Diyos ang Kaniyang mga Kahayagan bilang tanda ng Kaniyang _________________, at katibayan ng Kaniyang _____________________ .

d. Ang kaalaman ng mga Kahayagan ng Diyos ay katumbas ng ________________ ___________________________________________ .

e. Sinumang kumilala sa Kanila ay _________________________ .

f. Sinumang nakinig sa Kanilang panawagan ay _____________________________ .

g. Ang bawat isa sa kanila ay ang Daan ng Diyos na __________________________ ____________________________________________________________________ ____________________________________________________________________ .

3. Alin sa mga sumusunod ang totoo?

_____ Maaari tayong umunlad sa espiritwal sa pamamagitan ng ating mga pagsisikap nang mag-isa lamang.

_____ Binigyan tayo ng Diyos ng isipan, at sapat na iyon para sa ating pag-unlad.

_____ Uunlad tayo sa espiritwal sa pamamagitan ng pagkilala sa Kahayagan ng Diyos at hindi na natin kailangang gumawa ng karagdagang pagsisikap.

_____ Uunlad tayo sa espiritwal sa pamamagitan ng pagkilala sa Kahayagan ng Diyos at sa pagsisikap na mamuhay sang-ayon sa Kaniyang mga turo.

_____ Maaari nating makilala ang Diyos nang tuwiran.

_____ Ang tao ay maaaring maging kapareho ng Diyos.

_____ Ang Diyos ay higit na mataas kaysa sa pang-unawa ng tao.

_____ Kapag nakikinig tayo sa mga salita ng Kahayagan ng Diyos, nakikinig tayo sa Tinig ng Diyos.

## BAHAGI 16

Sinabi ni Bahá’u’lláh:

**“Ang mga Propeta at mga Sugo ng Diyos ay ipinadala para sa tanging layunin na akayin ang sangkatauhan sa tuwid na Landas ng Katotohanan. Ang layuning saligan ng Kanilang pagpapahayag ay ang turuan ang lahat ng tao, upang harinawa, sa oras ng kamatayan, nang may sukdulang kadalisayan at kabanalan**

**at nang may ganap na pagkawalay, ay makaakyat sila sa trono ng Pinakamataas."[21]**

At sa isa pang sipi ay sinabi Niya:

**"Ang tao ang sukdulang Agimat. Subalit ang kakulangan ng wastong edukasyon ay ipinagkait sa kaniya yaong likas na taglay niya. Sa pamamagitan ng isang salita mula sa bibig ng Diyos siya'y nilikha, sa pamamagitan ng isa pang salita siya'y ginabayan upang makilala ang Pinagmulan ng kaniyang edukasyon; at sa pamamagitan ng isa pang salita ang kaniyang katayuan at tadhana ay pinangalagaan. Sinabi ng Dakilang nilalang: Ituring ang tao na tulad ng isang minahang masagana sa mga hiyas na di-mataya ang halaga. Ang edukasyon lamang ang makapagpapalitaw sa mga kayamanan nito, at gagawing makinabang dito ang sangkatauhan. Kung ninilay-nilayin ng sinuman yaong ipinahayag sa mga Banal na Kasulatan na ipinadala mula sa langit ng banal na Kalooban ng Diyos, agad niyang tatanggapin na ang layunin ng mga ito ay upang ituring ang lahat ng tao bilang iisang kaluluwa, nang sa gayon ang tatak na nagtataglay ng mga katagang 'ang kaharian ay mapapasa-Diyos' ay maitatak sa bawat puso, at ang liwanag ng Banal na biyaya, ng pagpapala, at ng habag ay maipalibot sa buong sangkatauhan."[22]**

1. Sa anong layunin ipinadala ang mga Propeta at mga Sugo ng Diyos? ____________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

2. Ano ang layuning saligan ng Kanilang pagpapahayag? ________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

3. Ano ang kahulugan ng salitang "agimat"? ______________________________

______________________________________________________________

4. Ano ang ibinunga ng kakulangan ng wastong edukasyon? ____________________

______________________________________________________________

5. Ano ang maaaring maibunga ng wastong edukasyon? ________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

6. Ano ang Pinagmumulan ng ating edukasyon? _____________________________

7. Ano ang tadhana ng tao? _____________________________________________

______________________________________________________________

8. Ano ang ilan sa mga hiyas na maaaring palitawin ng edukasyon? _______________

_______________________________________________________________________

9. Ano ang agad nating tatanggapin kapag nagnilay-nilay tayo sa mga Banal na Kasulatan? _______________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

_______________________________________________________________________

## BAHAGI 17

Sinabi ni Bahá'u'lláh:

**"Bukod rito, tinanong mo Ako tungkol sa kalagayan ng kaluluwa matapos itong humiwalay sa katawan. Dapat mong malaman ang isang katotohanan, na kung ang kaluluwa ng tao ay tumahak sa mga landas ng Diyos tiyak na ito'y babalik at titipunin sa piling ng kaluwalhatian ng Minamahal. Saksi ang pagkamakatarungan ng Diyos! Matatamo nito ang gayong katayuan na di-kayang ipaliwanag ng anumang panulat o ilarawan ng anumang dila. Ang kaluluwang nanatiling matapat sa kapakanan ng Diyos, at nanindigan nang di-natitinag sa Kaniyang landas, pagkamatay nito, ay magtataglay ng ganoong kapangyarihan na ang lahat ng mga daigdig na nilikha ng Ganap na Makapangyarihan ay makikinabang sa pamamagitan niya."**[23]

1. Buuin ang sumusunod na mga pangungusap:

   a. Kung ang kaluluwa ay tumahak sa mga landas ng Diyos, tiyak na ito'y, ________ ____________________________________________ .

   b. Matatamo nito ang gayong katayuan na ___________________________________ ___________________________ .

   c. Ang ________________ nanatiling __________________ sa _________________ ng __________ at ________________ nang di-natitinag sa _____________________ , ________________ nito, ay magtataglay ng ganoong _________________________ na ang lahat ng mga daigdig na _________________ ng ____________________ na ______________________ ay ______________________ sa pamamagitan niya.

## BAHAGI 18

Sinabi ni Bahá'u'lláh:

**"Pinagpala ang kaluluwa na, sa oras ng paghihiwalay nito sa katawan, ay malaya sa walang-kabuluhang mga likhang-isip ng mga mamamayan ng mundo. Ang ganoong kaluluwa ay nabubuhay at kumikilos na ayon sa Kalooban ng Lumikha nito, at pumapasok sa kataas-taasang Paraiso. Ang mga Mutya ng Kalangitan, mga naninirahan sa pinakamatayog na mga mansiyon, ay papalibot sa kaniya, at ang mga Propeta ng Diyos at ang kaniyang mga pinili ay pipiliin na makasama siya. Ang kaluluwang iyon ay malayang makikipag-usap sa kanila, at isasalaysay sa kanila yaong mga pagtitiis niya sa landas ng Diyos, ang Panginoon ng lahat ng mga daigdig."[24]**

**"Dapat niyang patawarin ang makasalanan at huwag kailanman laitin ang kaniyang mababang kalagayan, sapagkat walang sinuman ang nakaaalam kung ano ang magiging sarili niyang wakas. Gaano kadalas na natamo ng isang makasalanan, sa oras ng kamatayan, ang diwa ng pagsasampalataya, at ininom ang walang-kamatayang inumin, at pumailanlang ito patungo sa kalipunan sa kaitaasan! At gaano kadalas na ang isang tapat na mananampalataya, sa oras ng pag-akyat ng sarili niyang kaluluwa, ay lubhang nagbago at nahulog sa pinakamalalim na apoy."[25]**

1. Ano dapat ang kalagayan ng ating kaluluwa kapag ito'y humiwalay na sa katawan?

   ______________________________________________

2. Ano ang ilan sa mga walang-kabuluhang likhang-isip? ____________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Ano ang kalagayan ng buhay at pagkilos ng kaluluwang malaya sa walang-kabuluhang mga likhang-isip pagkamatay nito? ____________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Sino-sino ang mga makakapiling ng ganitong kaluluwa? ____________________

   ______________________________________________

5. Maaari bang makipag-usap ang kaluluwang ito sa mga Propeta ng Diyos at sa kaniyang mga pinili? ____________________

6. Alam na ba natin kung paano at kailan magwawakas ang ating buhay? __________

7. Ano ang maaari nating gawin ngayon upang matamo ang walang-hanggang buhay?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 19

Ipinaliwanag ni 'Abdu'l-Bahá:

**"Yamang ang espiritu ng tao ay nabubuhay magpakailanman pagkahubad nito ng katawang makalupa, tiyak na tulad ng lahat ng umiiral na bagay, maaari din itong magkaroon ng pag-unlad, at sa gayon ay maaaring ipagdasal ang kaluluwang yumao upang sumulong, upang patawarin, o upang tumanggap ng mga pagpapalang banal, mga biyaya, at grasya. Ito ang dahilan kung bakit, sa mga dalangin ni Bahá'u'lláh, hinihingi ang kapatawaran at pagwawalang-sala ng Diyos para doon sa mga sumakabilang-buhay. Higit pa rito, sa gayunding paraan na kinakailangan ng tao ang Diyos sa daigdig na ito, gayundin ay kinakailangan din nila Siya sa kabilang daigdig. Ang mga nilikha ay laging nangangailangan, at ang Diyos ay laging ganap na kasarinlan, maging sa daigdig na ito o sa daigdig na darating."[26]**

Bakit natin dapat ipagdasal ang mga kaluluwa ng mga yumao?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

## BAHAGI 20

Isinulat ni 'Abdu'l-Bahá:

**"Kapag ang kaluluwa ng tao ay pumapailanlang mula rito sa naglalahong tumpok ng alabok at pumapanhik sa daigdig ng Diyos, sa gayon ang mga lambong ay malalaglag, at ang mga katotohanan ay maisisiwalat, at ang lahat ng bagay na hindi nalalaman ay magiging malinaw, at ang natatagong mga katotohanan ay mauunawaan…**

**"Isipin kung paano ang isang nilalang, sa daigdig ng sinapupunan, ay bingi ang tainga at bulag ang mata, at pipi ang dila; kung paanong siya ay salat sa**

**anumang kabatiran. Subalit sa oras na nakalabas na siya sa madilim na daigdig na iyon, siya ay pumasok dito sa daigdig ng liwanag, at sa gayon ang kaniyang mata ay nakakita, ang kaniyang tainga ay nakarinig, ang kaniyang dila ay nakapagsalita. Sa gayunding paraan, kapag siya ay nagmadaling lumayo sa may-kamatayang lugar na ito tungo sa Kaharian ng Diyos, sa gayon siya ay isisilang sa espiritu; sa gayon ang mata ng kaniyang kabatiran ay mabubuksan, ang tainga ng kaniyang kaluluwa ay makaririnig, at ang lahat ng mga katotohanang hindi niya nababatid noong una ay magiging hayag at malinaw."**[27]

1. Punuan ang mga patlang sa ibaba:

   a. Kapag ang kaluluwa ng tao ay lumilisan na sa daigdig na ito, sa gayon

   – ang mga lambong ____________________ ,

   – ang mga katotohanan ________________________ ,

   – at ang lahat ng bagay na hindi nalalaman ______________________________ ,

   – at ang natatagong mga katotohanan ___________________________ .

   b. Sa daigdig ng ___________ , tayo ay ____________ ang tainga, ____________ ang mata, at ___________ ang dila.

   c. Nang isilang tayo sa daigdig na ito, sa gayon ang ating mata ay ________ , ang ating tainga ay _________ , at ang ating dila ay ___________ .

   d. Sa gayunding paraan, sa paglipat natin sa Kaharian ng Diyos, tayo ay ___________ sa ___________ .

   e. Sa gayon ang mata ng ating ______________ ay __________ , ang tainga ng ating ___________ ay ______________ , at ang lahat ng mga ________________ at ang lahat ng mga ____________________ hindi natin nababatid noong una ay magiging _________________ at _________________ .

2. Ipasiya kung alin sa sumusunod na mga pangungusap ang totoo:

_____ Noong nasa daigdig tayo ng sinapupunan, alam natin ang tungkol sa daigdig na ito.

_____ Ang ating kalagayan pagkamatay natin ay isang katotohanang nalilihim sa atin sa daigdig na ito.

_____ Ang mga guhit-tagpuang lubos na bago ay mabubuksan sa atin pagkatapos nating mamatay.

_____ Pagkamatay natin, bumabalik tayo sa daigdig na ito upang muling isilang.

## BAHAGI 21

Sinabi ni Bahá'u'lláh:

**"At ngayon, tungkol sa iyong katanungan kung ang mga kaluluwa ng tao ay may kamalayan sa isa't isa matapos ng kanilang paghiwalay sa katawan. Iyong alamin na ang mga kaluluwa ng mga tao ng Bahá, na pumasok at namalagi sa Arkong Krimson, ay makikisalamuha at matalik na makikipagniig sa isa't isa, at lubhang malapit na mag-uugnayan sa kanilang pamumuhay, sa kanilang mga adhikain, sa kanilang mga mithiin at mga pagpupunyagi na magiging tulad sila ng iisang kaluluwa. Tunay na sila ang ganap na nakababatid, na matalas ang pananaw, at mga pinagkalooban ng pang-unawa. Ganoon ang iniatas Niya Na Siyang Ganap na Nakaaalam, ang Lubos na Marunong.**

**"Ang mga tao ng Bahá, na mga nananahan sa Arko ng Diyos, ang bawat isa at lahat, ay lubos na nalalaman ang katayuan at kalagayan ng isa't isa, at nagkakaisa sa mga buklod ng malapit na pagpapalagayang-loob at mabuting samahan. Gayumpaman ang gayong kalagayan ay nababatay sa kanilang pananalig at sa kanilang asal. Sila na magkakatulad ang antas at katayuan ay lubos na nababatid ang kakayahan, ang ugali, ang mga nagawa at mga kagalingan ng isa't isa. Subalit sila na nasa mas mababang antas ay walang-kakayahang maunawaan nang sapat ang katayuan, o mataya ang mga kagalingan noong mga nakatataas sa kanila. Bawat isa ay makatatanggap ng kaniyang bahagi mula sa iyong Panginoon. Pinagpala ang taong ibinaling ang kaniyang mukha sa Diyos, at matatag na lumalakad sa pag-ibig Niya, hanggang ang kaniyang kaluluwa ay pumailanlang sa Diyos, ang Naghaharing Panginoon ng lahat, ang Pinakamakapangyarihan, ang Laging Nagpapatawad, ang Lubos na Mahabagin."[28]**

1. Sa kabilang buhay makikilala ba natin ang mga taong nakilala natin sa daigdig na ito?

   ______________________________

2. Gaano kalapit ba ang ugnayan ng mga kaluluwa sa kabilang buhay? ____________

   ______________________________

3. Sa ano mababatay ang mga pagkakaiba at mga pagtatangi ng mga kaluluwa sa kabilang buhay? ______________________________

   ______________________________

4. Mayroon bang pagkakaitan ng biyaya ng Diyos? ______________________________

## BAHAGI 22

Hinihimok tayo ni Bahá'u'lláh na:

**"O Aking mga tagapaglingkod! Huwag malungkot, sa mga araw na ito at sa makalupang kalagayang ito, kung ang mga bagay na salungat sa inyong mga naisin ay itinadhana at inihayag ng Diyos, dahil ang mga araw ng labis na ligaya, ng makalangit na kagalakan, ay tiyak na nakalaan para sa inyo. Mga daigdig na banal at maluwalhati sa espiritwal, ay ilalantad sa inyong mga mata. Itinadhana Niya, sa daigdig na ito at sa susunod, na makikisalo kayo sa mga kapakinabangan nito, na makikibahagi sa mga ligaya nito, at magtatamo ng bahagi ng biyayang panustos nito. Walang pag-aalinlangang makakamtan ninyo ang bawat isa at ang lahat ng mga ito."**[29]

1. Ipasiya kung alin sa mga sumusunod ang totoo:

_____ Tayo'y dapat malungkot kapag ang mga kalagayan ay hindi sang-ayon sa mga nais natin.

_____ Ang lahat ay itinadhana ng Diyos, maging mabuti man o masama.

_____ Ang mga araw ng labis na ligaya ay naghihintay sa ating lahat.

_____ Tiyak na makikita natin ang mga daigdig na banal at maluwalhati sa espiritwal.

_____ Ating tadhana ang makibahagi sa mga kapakinabangan ng mga daigdig na ito banal at maluwalhati sa espiritwal, kapuwa sa buhay na ito at sa kabilang buhay.

2. Bakit hindi tayo dapat malungkot kapag ang mga bagay na salungat sa ating mga naisin ang nangyayari?_______________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

3. Ano ang pangakong ibinibigay ni Bahá'u'lláh sa atin sa siping ito?______________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

_______________________________________________________________

## BAHAGI 23

Sa yunit na ito, ikaw ay nagninilay-nilay sa kahulugan ng buhay ng tao. Marami kang natutunan tungkol sa likas na katangian ng kaluluwa, sa layunin ng buhay sa daigdig na ito, sa pangangailangang linangin ang mga katangiang espiritwal, at sa pangakong ibinigay sa atin ng walang-hanggang buhay, na maluwalhati at lipos ng kaligayahan. Sa pangalawang yunit ng aklat, pinag-usapan natin ang dalawang layuning moral—ang ipagpatuloy ang ating sariling pag-unlad sa espiritwal at pangkaisipan at ang tumulong sa pagbabago ng lipunan. Narito ang isang pagkakataon upang muling balikan ang konseptong iyon at pag-isipan ang kahalagahan ng pag-asikaso sa dalawang aspekto ng layuning ito, kaugnay ng malalalim na

mga pag-unawang natamo mo tungkol sa pag-unlad ng iyong kaluluwa. Ang iyong mga pagninilay-nilay ay maaaring makinabang mula sa pagtatalakay ng iyong grupo ng mga paksa sa ibaba.

1. *Ang paglinang sa mga katangiang espiritwal*
2. *Ang pagsunod sa mga batas ng Diyos*
3. *Ang pagtulong sa mabuting kalagayan ng sangkatauhan*
4. *Ang pagsulong sa landas ng paglilingkod*

## MGA REPERENSIYA


1. From a talk given on 10 November 1911, published in *Paris Talks: Addresses Given by ‘Abdu’l-Bahá in 1911* [Mga Pagsasalita sa Paris ni ‘Abdu’l-Bahá] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2006, 2016 printing), no. 29.12–13, p. 109.

2. From a letter dated 1 April 1946 written on behalf of Shoghi Effendi, published in *Lights of Guidance: A Bahá’í Reference File* [Mga Liwanag ng Pamamatnubay: Isang Reperensiyang Bahá’í] (New Delhi: Bahá’í Publishing Trust, 1988, 2010 printing), no. 1820, p. 537.

3. From a letter dated 28 July 2016 written on behalf of the Universal House of Justice.

4. ‘Abdu’l-Bahá, in *Some Answered Questions* [Ilang mga Katanungang Sinagot] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2014, 2016 printing), no. 66.3, pp. 352–53.

5. Ibid., no. 38.5, p. 220.

6. From a talk given by ‘Abdu’l-Bahá on 9 November 1911, published in *Paris Talks* [Mga Pagsasalita sa Paris], no. 28.16, p. 104.

7. From a letter dated 31 December 1937 written on behalf of Shoghi Effendi, published in *Lights of Guidance* [Mga Liwanag ng Pamamatnubay], no. 680, p. 204.

8. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh] (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 1983, 2017 printing), LXXXII, par. 8, p. 183.

9. ‘Abdu’l-Bahá, in *Some Answered Questions* [Ilang mga Katanungang Sinagot], no. 61.1–2, p. 334.

10. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh], LXXX, par. 2, p. 174.

11. Ibid., LXXXI, par. 1, p. 176.

12. Ibid., CLXV, par. 1–3, pp. 391–92.

13. Bahá’u’lláh, *The Hidden Words* [Ang Natatagong mga Salita] (Wilmette: Bahá’í Publishing Trust, 2003, 2012 printing), Arabic no. 32, p. 11.

14. From a talk given on 6 July 1912, published in *The Promulgation of Universal Peace: Talks Delivered by ‘Abdu’l-Bahá during His Visit to the United States and Canada in 1912* [Ang Pamamahayag ng Pandaigdigang Kapayapaan: Mga Talumpating Ibinigay ni ‘Abdu’l-Bahá sa Kaniyang Pagdalaw sa Estados Unidos at Canada noong 1912] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2012), pp. 315–16. (authorized translation).

15. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh], V, par. 4, p. 8.

16. Ibid., LXXXII, par. 1, pp. 179–80.

17. Ibid., CLIII, par. 6, pp. 370–71.

18. Ibid., XXVII, par. 2, pp. 72–73.

19. Ibid., XXVII, par. 3, p. 73.

20. Ibid., XXI, par. 1, pp. 54–55.

21. Ibid., LXXXI, par. 1, p. 177.

22. Ibid., CXXII, par. 1, pp. 293–94.

23. Ibid., LXXXII, par. 7, p. 182.

24. Ibid., LXXXI, par. 1, pp. 176–77.

25. Ibid., CXXV, par. 3, pp. 300–1.

26. ‘Abdu’l-Bahá, in *Some Answered Questions* [Ilang mga Katanungang Sinagot], no. 62.3, pp. 340–41.

27. *Selections from the Writings of ‘Abdu’l-Bahá* [Mga Pinili mula sa mga Kasulatan ni ‘Abdu’l-Bahá] (Wilmette: Bahá’í Publishing, 2010, 2015 printing), no. 149.3–4, pp. 246–47.

28. *Gleanings from the Writings of Bahá’u’lláh* [Mga Nahimalay mula sa mga Kasulatan ni Bahá’u’lláh], LXXXVI, par. 1–2, pp. 192–93.

29. Ibid., CLIII, par. 9, p. 373.